Ang Alaska ay patungo sa maling direksiyon, at ang mahinang pamumuno ay nabibigong pagsilbihan ang mga taong nagtayo sa estadong ito. Ang mga pamilya ay nahihirapan dahil sa patuloy na pagtaas ng gastusin. Hindi makontrol ang krimen sa napakaraming komunidad. Nabibigo ang mga paaralan na ihanda ang ating mga anak para sa kinabukasan. Umaalis ang mga kabataang Alaskan dahil hindi na sila naniniwalang kaya nilang bumuo ng kanilang kinabukasan dito. Samantala, patuloy na lumalaki ang pamahalaan habang mas kaunti ang naihahatid nitong serbisyo. Hindi ako handang tanggapin ang pag-urong ng Alaska.
Naniniwala ako na ang pinakamagagandang araw ng Alaska ay nasa hinaharap pa, ngunit mangyayari lamang ito kung ipaglalaban natin ang mga ito. Bilang Tenyente Gobernador, masigasig kong isusulong ang pagpapaunlad ng ating mga likas na yaman, pagpapalawak ng akses sa lupa at pabahay, pagpapalakas ng imprastraktura, pagpapababa ng gastos sa enerhiya, at pagsuporta sa mga manggagawa, mangingisda, manggagawa sa mga hanapbuhay na teknikal, minero, maliliit na negosyo, at mga pamilyang nagtayo sa estadong ito.
Bilang Tenyente Gobernador, ipaglalaban ko ang pagpapalakas ng integridad ng halalan, pagpapabuti ng pananagutan, at pagtitiyak na ang mga halalan sa Alaska ay malinaw, ligtas, napapanahon, at pinagkakatiwalaan ng publiko.
Makikipagtulungan ako nang malapit sa Gobernador upang isulong ang mga patakarang lumilikha ng mga trabaho, nagpapanumbalik ng paglago ng ekonomiya, nagtatanggol sa mga karapatang itinatadhana ng Konstitusyon, at nagpapalawak ng mga oportunidad sa buong Alaska.
Bilang beterano ng mga Espesyal na Operasyon ng Marine Corps, negosyante, mamumuhunan, at tagapayo sa pamumuhunan, nauunawaan ko ang pamumuno sa ilalim ng matinding pagsubok, pananagutan, at pangmatagalang pagpaplano. Nagtrabaho ako sa mga proyekto sa konstruksyon sa buong Alaska, namuhunan sa mga negosyo at ari-arian sa Alaska, at tumulong sa mga pamilya na maghanda para sa kanilang kinabukasan.
Maaaring muling umunlad ang Alaska, muling magtayo, at muling manguna..

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.
Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Gobernador

Treg Taylor, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: 1120 Huffman Rd Suite 24-834 Anchorage, AK 99515

EMAIL: info@tregforak.com

WEBSITE: https://tregforak.com/

EDAD: 50

PANGALAN NG ASAWA: Jodi Taylor

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 27 years

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Anchorage

EDUKASYON:
Akademya ng Hukbong Himpapawid ng U.S. (pumasok)
BYU - B.A., Agham Pampulitika; J.D.

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Abugado Heneral, Estado ng Alaska - 2021-2025
Pangalawang Abugado Heneral, Dibisyong Sibil, Estado ng Alaska - 2018-2021

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Kapwa May-ari, Pagpapanumbalik at Pagpapaunlad ng Ari-arian
Abogado, McKinley Capital Management
Nakatataas na Abogado, ASRC Energy Services

IBA PA:
Tumatakbo para sa gobernador ang dating Abugado Heneral na si Treg Taylor. Pinalaki ng nag-iisang ina, natutuhan niya na mahalaga ang pagsusumikap. Pumasok si Treg sa Akademya ng Hukbong Himpapawid, nagtapos sa BYU na may mga degree sa agham pampulitika at batas, at nagtrabaho sa gabi upang maitawid ang sarili sa pag-aaral.

Nagtayo si Treg ng karera bilang abogado at siya ang pangatlo sa pinakamatagal na naglingkod bilang Abugado Heneral ng Alaska sa kasaysayan ng estado. Pinamunuan niya ang mga pag-uusig sa krimen, ipinagtanggol ang Ikalawang Susog, pinrotektahan ang mga karapatan ng mga magulang, lumaban sa labis na pag-abot ni Biden, at nagtrabaho upang palawakin ang enerhiya at mga yamang-mineral ng Alaska. Sina Treg at Jodi ay mga may-ari ng negosyo at mga magulang ng anim na anak.

PAHAYAG:
Para kay Treg Taylor, ang laban na ito ay tungkol sa pagbawi sa paraan ng pamumuhay ng Alaska at pagprotekta sa ating mga pinahahalagahan.

May dahilan kung bakit naninirahan dito ang mga Alaskan. Dito, nagsusumikap tayo, pinalalaki ang ating mga pamilya, binubuo ang ating buhay, at namumuhay sa sarili nating paraan. Ngunit sinusubukan na ng mga radikal na mapagkunwaring mulat, mga liberal mula sa Mababang 48, at mga burukrata ng D.C. na baguhin ang Alaska.

Hindi ninyo kailangang hulaan kung saan naninindigan si Treg. Bilang Abugado Heneral, nagtayo siya ng napatunayang rekord sa mga isyung mahalaga sa mga Alaskan. Bilang tagausig, tumulong si Treg na mapababa ang krimen sa pinakamababa sa loob ng 40 taon at mapababa ang mga seksuwal na pang-aabuso ng 25 porsiyento. Tumulong siyang maipasa ang batas na nagpapataas ng parusa sa pagpatay sa ikalawang antas para sa mga nagbebenta ng droga kapag nakamamatay ang lasong kanilang ipinagbibili. Hinarap niya ang radikal na kaliwa, nanindigan laban sa labis na pag-abot ng burukrasya ng D.C., ipinagtanggol ang Ikalawang Susog, pinrotektahan ang mga karapatan ng mga magulang, at nakipaglaban upang palawakin ang enerhiya at mga yamang-mineral ng Alaska.

Bilang Gobernador, poprotektahan ni Treg ang palakasan ng mga babae, pipigilan ang mapagkunwaring mulat na indoktrinasyon sa mga paaralan, at ipagtatanggol ang mga karapatang konstitusyonal ng mga Alaskan. Haharapin niya ang Juneau upang bawasan ang pag-aaksaya, balansehin ang badyet, protektahan ang PFD, gawing abot-kaya muli ang Alaska, at makipagtulungan kay Pangulong Trump upang palaguin ang ating ekonomiya upang manatili, magtrabaho, at buuin ng ating mga anak ang kanilang buhay dito. Maninindigan siya para sa mga mangingisda at pamilya ng Alaska sa pamamagitan ng pagpigil sa pangingisdang trawl na sumisira sa ating kapaligiran. Ang isda at pangangaso ng Alaska ay dapat para muna sa mga Alaskan.

Si Treg ay isang napatunayang pinuno na naghahatid ng mga resulta. Tulungan siyang bawiin ang ating paraan ng pamumuhay at buuin ang Alaska.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Tenyente Gobernador

Candi English, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: 1120 Huffman Rd
Suite 24-834
Anchorage, AK 99515

EMAIL: info@tregforak.com

WEBSITE: https://tregforak.com/

PANGALAN NG ASAWA: Stanley English

TRABAHO: Founder and Owner,
Northern Solutions, LLC

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 50 years

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Hindi kailanman naging politiko si Candi.

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Tagapagtatag at May-ari, Northern Solutions
Empleyado sa North Slope, ARCO Alaska, 20 taon

OTHER:
Natutuhan ni Candi English ang kanyang industriya mula sa pinakaugat: dalawang dekada sa North Slope, pagkatapos ay itinayo ang Northern Solutions LLC upang maging pinakamalaking pagawaan ng makina ng Alaska. Ang mga kagamitang gawa sa Alaska nito ay nagsisilbi sa mga larangan ng langis, minahan, at mga lugar ng balon sa buong mundo. Lumikha si Candi ng mga trabahong may magandang sahod, nagsanay at gumabay sa mga kabataang Alaskan, at ipinakita sa kanila na may kinabukasang sulit buuin dito.

Nauunawaan niya kung ano ang kailangan upang matugunan ang mga takdang panahon, lumutas ng mga problema, magpasuweldo, at alagaan ang mga taong umaasa sa iyo. Ang kanyang pamumuno ay binuo sa katatagan, pananagutan, at pagbibigay sa susunod na henerasyon ng tunay na dahilan upang manatili, magtrabaho, at bumuo ng buhay sa Alaska.

STATEMENT:
Propesyonal na politiko si Candi English. Siya ay may-ari ng negosyo sa Alaska, nangungunang tagagawa, asawa, ina, at lola na nakaaalam na kapag mahirap ang isang bagay, hindi ka gumagawa ng mga dahilan. Magsisimula kang magtrabaho.

Dumating si Candi sa Alaska noong kasagsagan ng pagtatayo ng linya ng tubo noong dekada 1970, nakahanap ng trabaho sa loob ng dalawang araw, at hindi na lumingon pa. Matapos ang 20 taong pagtatrabaho sa North Slope para sa ARCO, itinatag niya ang Northern Solutions sa Anchorage. Ang kanyang kompanya ay nagdidisenyo at gumagawa ng mga patentadong kagamitan para sa operasyon ng langis, gas, pagmimina, at mga balon. Ginagawa ang mga ito sa Alaska at ginagamit sa buong mundo.

Itinuturo sa iyo ng ganoong uri ng trabaho na lutasin ang mga problema, igalang ang mga taong umaasa sa iyo, at huwag kailanman magsayang ng pera o oras. Ito ang paraan ng Alaska. Ngunit napakadalas sa Juneau, napalitan ang paraang iyon ng pagkaantala, pag-aaksaya, at mga dahilan.

Iyan ang dahilan kung bakit tumatakbo si Candi kasama si Treg Taylor. Si Treg ay isang napatunayang konserbatibo na humarap kay Biden at sa radikal na kaliwa, ipinagtanggol ang Ikalawang Susog at mga karapatan ng mga magulang, at tumulong na mapababa ang krimen sa pinakamababa sa loob ng 40 taon. Dinadala ni Candi ang pananaw ng isang tagapagtayo: ayusin ang sira, makakuha ng mga resulta, at panatilihing bukas ang Alaska para sa negosyo.

Magkasama, poprotektahan nila ang PFD, palalawakin ang enerhiya ng Alaska, pababababain ang mga gastos, at bubuo ng ekonomiya kung saan maaaring manatili, magtrabaho, at bumuo ng buhay ang ating mga anak. Poprotektahan nila ang palakasan ng mga babae, pananatilihin sa labas ng mga paaralan ang kalokohang mapagkunwaring mulat, ipagtatanggol ang ating mga kalayaan, at maninindigan para sa mga mangingisda at pamilya.

Tumatakbo sina Candi at Treg upang bawiin ang paraan ng pamumuhay ng Alaska at protektahan ang ating mga pinahahalagahan.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Gobernador

Jonathan S. Kreiss-Tomkins "JKT", **Rehistradong Demokratiko**



ADRES SA KOREO: PO Box 2185
Sitka, AK 99835

EMAIL: info@jktforak.com

WEBSITE: jktforak.com

EDAD: 37

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Sitka, AK

TRABAHO: Dating kinatawan ng estado, may-ari ng negosyo

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 37 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Sitka (1989-2024), Anchorage (2025-kasalukuyan)

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Sitka, Kolehiyo ng Yale (umalis nang walang digri)

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Kinatawan ng Estado ng Alaska, 2013-2023

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO: Eagle Scout

IBA PA:
Ang pangalan ko ay Jonathan Kreiss-Tomkins — ngunit JKT ang tawag sa akin ng karamihan. Taga-Sitka ako.

Noong 23 taong gulang ako, bumoto ang matagal nang kinatawan ng Timog-silangang Alaska upang bigyan ang mga kompanya ng langis ng napakalaking bawas sa buwis habang gumuho ang ating mga paaralan at kalsada. Umalis ako sa kolehiyo, kumatok sa halos bawat pinto sa buong Timog-silangan, at tinalo ang nanunungkulan na iyon ng 32 boto.

Kinatawan ko ang isang distrito sa kanayunan na bumoto kay Trump sa loob ng sampung taon. Nakuha ko ang suporta ng mga independiyente at Republikano sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kabilang panig upang suportahan ang ating mga pampublikong paaralan, magbigay ng abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, protektahan ang ating mga pangisdaan, at pababain ang pang-araw-araw na gastos upang kayang tumira ng mga Alaskan sa estadong mahal natin.

PAHAYAG:
Kailangan ng Alaska ng pagbabago. Tumataas ang mga presyo, nagsasara ang mga paaralan, at ang ating mga kaibigan at kapitbahay — bata, matanda, at nasa pagitan — ay hindi nakikita ang kinabukasan para sa kanilang sarili dito. Bilang gobernador, makikipagtulungan ako sa kabila ng mga linya ng partido upang maibalik ang ating estado sa tamang direksyon.

Ang aking mga pangunahing prayoridad ay ang pagsuporta sa ating mga paaralan, pagprotekta sa ating mga pangisdaan, at pagpapababa ng pang-araw-araw na gastos.

Sa edukasyon: halos isang dekada nang binawasan ng kasalukuyang gobernador ang pondo ng ating mga paaralan. Ang ating mga anak ang nagbabayad ng halaga, sa pamamagitan ng pagsasara ng mga paaralan, napakalalaking laki ng klase, kinanselang isports at musika, at pag-alis ng ilan sa ating pinakamahuhusay na guro papuntang Labas ng Alaska. Kailangan nating pondohan nang buo — at pondohan nang pauna — ang mga pampublikong paaralan, na siyang puso ng lahat ng ating mga komunidad. Gayundin, alisin natin ang mga telepono sa mga silid-aralan.

Sa mga pangisdaan: kailangan ng Alaska ng gobernador na "isda muna." Nangangahulugan iyon ng pagbabawas ng hindi sinasadyang huli, pagtitiyak na ang mga Alaskan (at hindi ang mga interes sa panghuhuli gamit ang lambat na hila-hila mula sa Labas ng Alaska) ang gumagawa ng mga desisyon para sa ating mga pangisdaan, at pagtatanggol sa tirahan ng salmon sa pamamagitan ng pagpigil sa Minahan ng Pebble.


Sa pagpapababa ng mga gastos: protektahan natin ang pagpapalawak ng Medicaid at palawakin ang pangangalagang pangkalusugan sa malayo upang makakuha ang mga Alaskan ng de-kalidad na pangangalaga saanman tayo nakatira. Bawasan natin ang burukrasya na humahadlang sa pagtatayo ng mas maraming tahanan. Pababain natin ang mga singil sa kuryente sa pamamagitan ng pagpapapagtulungan sa mga kompanya ng serbisyo sa kuryente at pagtatayo ng mura at malinis na nababagong enerhiya. At habang ginagawa natin ito, gawin nating abot-kaya ang pangangalaga sa bata para sa mga magulang na nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagrereporma sa mabibigat na regulasyon na nagpapahirap magsimula ng mga bagong negosyo at organisasyong nonprofit sa pangangalaga sa bata.

Karapat-dapat ipaglaban ang mas mabuting Alaska. Isang karangalan na makuha ang inyong boto.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Tenyente Gobernador

Zac Johnson, **Hindi Partidista**



ADRES SA KOREO: PO Box 2185
Sitka, AK 99835

EMAIL: info@jktforak.com

WEBSITE: jktforak.com

EDAD: 45

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Anchorage, AK

PANGALAN NG ASAWA: Liz

TRABAHO: Miyembro ng Asembleya ng Anchorage

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 25 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Anchorage (1981–1985, 2006–2013, 2018–kasalukuyan), Fairbanks (2013–2018)

EDUKASYON:
UAA, BS

SERBISYONG MILITAR:
Marine Corps ng Estados Unidos (2000-2004)

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Asembleya ng Anchorage (2023-kasalukuyan)

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON: Dating Alaska State Trooper

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO:
Kagawaran ng Bumbero ng Girdwood, Konseho ng Komunidad ng Hillside

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Pag-ski sa malalayong ruta, pagha-hike, pangangaso

IBA PA:
Nag-enlist ako sa Marines isang taon bago ang 9/11. Sa pamamagitan ng dalawang pagtatalaga, kabilang ang pagsalakay sa Iraq noong 2003, natutunan ko kung paano unahin ang serbisyo kaysa sarili. Noong 2013, sumali ako sa Alaska State Troopers. Dinala ako ng trabaho mula Dillingham hanggang Arctic Village at dose-dosenang komunidad sa pagitan.

Palagi akong lubos na nagmalasakit sa serbisyong pampubliko at pakikipagtulungan sa kabilang panig upang matapos ang mga bagay. Sa Asembleya ng Anchorage, nakatuon ako sa kaligtasan ng publiko, mas magandang imprastraktura, at pananagutan sa lokal na pamahalaan. Umunlad ang mga Alaskan sa pamamagitan ng komunidad, malasakit, at pagsusumikap. Panahon na para ipakita ng ating mga pinuno ang parehong mga pagpapahalagang ito. Iyan ang dahilan kung bakit tumatakbo ako kasama si JKT.

PAHAYAG:
Nasa sangandaan ang Alaska. Matapos ang halos isang dekada ng hindi maayos na paggana sa Juneau, kailangan natin ng pamumunong handang makipagtulungan sa kabilang panig upang unahin ang Alaska. Bagaman hindi pa ako kailanman naging miyembro ng partidong pampulitika, ginugol ko ang aking karera sa pakikipagtulungan sa sinumang seryoso sa paglilingkod sa ating bansa at sa ating estado.

Sa panahon ko sa Asembleya ng Anchorage, bumuo ako ng pagkakasundo at nakipagtulungan sa mga kasamahan sa buong saklaw ng pulitika. Bilang mga Alaskan, mas marami tayong mapagkakasunduan kaysa pagtatalunan: pagtuturo sa susunod na henerasyon, pagprotekta sa kaligtasan ng publiko, at pagpapanumbalik ng tiwala sa pamahalaan ng estado. Ngunit kailangan natin ng mga pinunong pinahahalagahan ang sentido komun at serbisyong pampubliko — hindi ang pag-iipon ng puntos sa pulitika o pakikipaglaban sa mga digmaang pangkultura.

Bilang tenyente gobernador, ang aking mga prayoridad ay ang pagpapababa ng pang-araw-araw na gastos at paninindigan para sa mga pampublikong paaralan. Hindi ideolohikal na mga isyu ang mga ito: ito ang saligan ng pagpapagana ng pamahalaan para sa mga pamilya sa Alaska.

Ibalik natin ang Alaska sa tamang direksyon sa pamamagitan ng:

- Pagpapababa ng mga gastos sa enerhiya at pagtitiyak na nakakakuha ang mga Alaskan ng makatarungang bahagi ng kayamanan sa langis ng ating estado.
- Pagtatanggol sa Medicaid at pagtitiyak na maa-access ng lahat ng Alaskan ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, saanman tayo nakatira.
- Pagsuporta sa mga pampublikong paaralan at pag-aalis ng mga cellphone sa mga silid-aralan.
- Pagbawas ng hindi sinasadyang huli sa mga pangisdaan at pagpapanumbalik ng mga bumagsak na pagtakbo ng salmon.
- Pamumuhunan sa mga daungan, ferry, at tulay na nagpapagana sa ating ekonomiya.
- Paglikha ng pangmatagalang oportunidad at mga trabahong may magandang sahod na tumutulong sa bawat komunidad sa Alaska na umunlad.

Karapat-dapat ang mga pamilya sa Alaska sa mas mabuti. Handa na kaming magtrabaho ni JKT.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Gobernador

Bernadette M. Wilson, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: PO. Box 112149
Anchorage, Alaska 99511

EMAIL: info@bernadetteforgovernor.com

WEBSITE: www.bernadetteforgovernor.com

EDAD: 42

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Kenai, Alaska

MGA PANGALAN NG ANAK: Damien, Sebastian, Penelope

TRABAHO: May-ari ng Negosyo

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 42 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN: Kenai at Anchorage

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN: Nakatatandang Tagapayo, Nick Begich for Congress

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON: May-ari, kompanya ng komersyal na basura

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO: Naknek Native Village Council, NRA, Gun Owners of America, Holy Family Cathedral

IBA PA:
Ang aking pagiging kasapi sa Naknek Native Village Council ay nag-uugat sa aking pamanang Aleut sa pamamagitan ng aking lola, na ipinanganak sa Naknek. Ang aking tiyuhin-sa-lolo na si Gobernador Walter Hickel ay dalawang beses na naglingkod bilang Gobernador ng Alaska. Nagmula ako sa mahabang linya ng mga negosyong pampamilya na naglingkod sa Alaska nang mahigit 40 taon. Ipinagmamalaki ko ang mga ugat na iyon. May-ari ako ng isang kompanya ng basura na sinimulan ko sa Alaska mahigit 10 taon na ang nakalipas. Alam ko ang mga hamon ng pagiging may-ari ng maliit na negosyo at ang mga paghihirap ng pagiging nag-iisang ina. Ang mga karanasang iyon ay nagbigay sa akin ng malalim na pag-unawa sa mga hamong kinakaharap ng Alaska. Alam ko ang mga ito mismo at alam ko kung ano ang kailangan upang malampasan ang mga ito.

PAHAYAG:
Ano ang gagawin natin nang naiiba sa pagkakataong ito? Iyan ang tanong na dapat nating itanong sa ating sarili kapag bumoto tayo.

Mula sa mga punong umaabot sa kalangitan ng Pambansang Kagubatan ng Tongass, hanggang sa mga isda sa tubig ng Daungan ng Valdez at sa maalamat na pag-akyat ng pulang salmon sa Look ng Bristol; mula sa mga pulong mayaman sa mineral ng Timog-Silangang Alaska hanggang sa ating Dalisdis ng Arctic; mula sa kasaganaan ng langis sa buong estado natin hanggang sa tibay at determinasyon ng ating mga tao, panahon na upang muling gamitin ang nagpapadakila sa Alaska.

Sa loob ng maraming dekada, nanatiling walang pag-usad ang Alaska. Pinag-uusapan pa rin natin ang parehong mga proyektong natigil at mga problema sa pabahay, gastos sa enerhiya, at edukasyon.

Nabawasan ang ating PFD, halos nasa pinakailalim ang ranggo ng edukasyon, lumiliit ang ating mga pangisdaan, patuloy na tumataas ang gastos sa pabahay at enerhiya, at patuloy na nakaaapekto sa mga komunidad sa buong Alaska ang mga krisis sa droga at kalusugang pangkaisipan.

Sa loob ng maraming dekada, naghalal tayo ng mga karerang politiko at burukrata. Mas mabuti ba ang kalagayan ninyo ngayon kaysa noong 10, 20, o 30 taon na ang nakalipas?

Panahon na upang ibalik ang karanasan sa negosyo sa Opisina ng Gobernador. Isa akong tagalabas sa pulitika, isang may-ari ng negosyo, na nakauunawa sa mga paghihirap na nararanasan sa buong Alaska, dahil naranasan ko ang mga ito. At alam ko mismo kung ano ang kailangan upang makaraos sa mga ito. Papalitan ng aksyon ang salita. Magpapaunlad tayo, at magtatayo tayo.


Ibabalik ang ating PFD na itinakda ng batas, papasok ang ating mga anak sa pinakamahuhusay na paaralan, at muling bubuuin ng mga pamilyang Alaska ang kanilang kinabukasan dito.

Ito ang kuwento ng inyong muling pagbangon, Alaska! Panahon na upang muling bumangon!

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Tenyente Gobernador

Michael K. Shower, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: 3500 N Travelair Dr
Wasilla, AK 99654

EMAIL: mike@bernadetteforgovernor.com

WEBSITE: bernadetteforgovernor.com

EDAD: 58

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Florida

PANGALAN NG ASAWA: Michelle

MGA PANGALAN NG ANAK: Jonathan, Brittani, Michael Jr

TRABAHO: Retiradong militar, aktibong piloto ng eroplano, dating senador ng estado.

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 33 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Eagle River, Wasilla

EDUKASYON:
Batsilyer mula sa Akademya ng Hukbong Himpapawid ng US, MBA sa Negosyo.

SERBISYONG MILITAR:
20+ taon sa Hukbong Himpapawid ng US.

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Senador ng Estado ng Alaska para sa distrito O.

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
May-ari ng maliit na negosyo, miyembro ng lupon ng Blackbird Inc.

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Lahat ng bagay sa labas.

IBA PA:
Una kong binisita ang Alaska noong 1977. Pagkatapos ng pagsasanay bilang piloto sa Hukbong Himpapawid, nagkaroon ako ng opsyong magpalipad ng F-15C sa Alemanya o sa Alaska. Pinili ko ang Alaska. Pagdating namin dito, alam naming mag-asawa na natagpuan namin ang aming tahanan. Kalaunan, naging mapalad akong makapagpalipad ng F-22 at ipakilala ang mga ito sa Alaska bilang unang kumander ng eskadron ng Raptor. Nagretiro kami noong 2010 at lumipat mula Eagle River patungo sa lambak ng MatSu. Ang aming panganay na anak na lalaki ay beterano ng Marines sa labanan sa Iraq, at ang aming mas nakababatang mga anak ay nakatira sa MatSu kasama ang kanilang mga asawa at ang aming mga apo. Nakapaglakbay na ako sa buong mundo at walang lugar na makapapantay sa Alaska. Isang karangalan ang maglingkod, at buong pagpapakumbaba kong tatanggapin ang pagkakataong maging inyong susunod na Tenyente Gobernador.

PAHAYAG:
Nasa mahalagang yugto ang Alaska sa ating kasaysayan. Mayroon tayong oportunidad na yakapin ang kasaganaan at paglago, ngunit kailangan natin ng matapang na pamumuno sa timon upang gabayan ang ating estado tungo sa tagumpay. Iyan ang dahilan kung bakit lubos akong pinarangalan na sumali sa kampanya ni Bernadette Wilson para sa Gobernador bilang kandidato para sa Tenyente Gobernador.

Kilala ako bilang "G. Halalan" sa Senado ng Alaska, kung saan nakatuon ako sa mga kinakailangang reporma upang linisin ang ating sistema at ibalik ang integridad ng halalan. Sa Alaska, ang mga halalan ay nasa ilalim ng awtoridad ng Tenyente Gobernador, isang tungkuling buong sigla kong yayakapin at paglalaanan ng aking karanasan.

Nauunawaan ni Bernadette na mayroon tayong limitadong panahon, kasama ang isang pangulong napakamaka-Alaska, upang itakda tayo sa landas ng walang kapantay na pagpapaunlad ng ekonomiya, sariling kakayahan at sariling pagpapasya. Sa pagitan naming dalawa, nagdadala kami ng malawak na karanasan sa pribadong sektor ng negosyo, militar, pamahalaan at pulitika. Naniniwala akong ang pinagsama naming pangkat ay nagdadala ng enerhiya, pananaw at katapangan na hindi mapapantayan ng alinmang ibang tiket sa laban na ito.

Sa Administrasyong Bernadette/Mike Shower, papalitan ng aksyon ang salita. Magpapaunlad kami, at magtatayo kami. Ibabalik ang ating ayon-sa-batas na Dibidendo ng Permanent Fund, papasok ang ating mga anak sa pinakamahusay na mga paaralan, at muling bubuo ng kanilang kinabukasan dito ang mga pamilya ng Alaska.

Isang karangalan ang maglingkod sa ating bansa na nakasuot ng uniporme nang mahigit dalawang dekada, at sa ating estado nang mahigit 8 taon sa senado. Ituturing kong malaking pribilehiyo ang maglingkod bilang inyong susunod na Tenyente Gobernador at hinihiling ko ang inyong boto.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

MGA KANDIDATO SA SENADO NG ESTADOS UNIDOS



NOBYEMBRE 3 PANGKALAHATANG HALALAN

Senador ng Estados Unidos

Mary Peltola, **Rehistradong Demokratiko**



ADRES SA KOREO: P.O. BOX 90031
Anchorage, AK 99509

EMAIL: team@marypeltola.com; mary@marypeltola.com

WEBSITE: https://marypeltola.com/

EDAD: 53

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Alaska

PANGALAN NG ASAWA: Ang yumaong Gene Peltola Jr.

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Conrad Kapsner, Van Kapsner, Job Nelson, Nora Nelson, Eugene Peltola III, Trevor Peltola, Kaeli Peltola

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 53 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Kwethluk 1980-1982, Tuntutuliak 1982-1984, Platinum 1985-1987, Bethel 1973-1979, 1988-2025, Anchorage 2025-present

EDUKASYON:
Nag-aral sa University of Northern Colorado, UAF, UAS, UAA

SERBISYONG MILITAR:
Ina ng militar — dalawang anak na lalaki ang nagsilbi sa Tanod Baybayin ng Estados Unidos

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Kapulungan ng mga Kinatawan ng Alaska 1999-2009. Konseho ng Lungsod ng Bethel 2011-2013. Kinatawan ng Kapulungan ng Estados Unidos para sa Alaska 2022-2025

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON: Punong Tagapagpaganap ng Komisyong Pangisdaan ng mga Intertribo ng Ilog Kuskokwim

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO:
Pagtitiwala para sa mga Bata ng Alaska, Konseho ng Gobernador para sa Ligtas na Tubig at Sanitasyon, Komisyon ng Gobernador para sa Pagpaparaya, AK 20/20, Lupon ng Alaska Humanities Forum, Lupon ng Foraker, Lupon ng Pamamatnugot ng Klab para sa mga Batang Lalaki at Batang Babae ng mga Kanayunan, Mga Katuwang sa Salmon ng Alaska, kasapi ng NRA.

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Bilang isang habambuhay na naninirahan sa Alaska, ginugugol ko ang tag-init kasama ang aking pamilya sa paghahanda ng isda sa Ilog Kuskokwim at sa fish camp sa Steamboat Slough.

PAHAYAG:
Bilang isang habambuhay na naninirahan sa Alaska, isang mangingisda, at isang ina ng militar, tumatakbo ako para sa Senado ng Estados Unidos dahil nakita ko mismo kung paano tayo binibigo ng DC.

Noong ako ay lumalaki, ang Alaska ay isang lugar ng kasaganaan. Ngayon, nakararanas tayo ng kakulangan. Mula Juneau hanggang Utqiaġvik, nahihirapan ang ating estado — tumataas ang mga presyo, kumokonti ang mga nagbabalik na isda, nagsasara ang mga paaralan, nasisira ang mga kalsada at imprastraktura — at wala namang ginagawa ang sinuman sa DC tungkol dito. Tumatakbo ako upang baguhin iyon.

Kasali ako sa laban na ito upang ayusin ang sistemang may kinikilingan sa DC, pababain ang gastos sa gasolina, pagkain, pangangalagang pangkalusugan, at pabahay para sa masisipag na Alaskan, maibalik ang ating mga pangisdaan, at unahin ang Alaska.

Ang tanging layunin ko sa Senado ay ang maglingkod sa mga Alaskan. Nangangahulugan iyon ng pakikipaglaban para sa isda, pamilya, at kalayaan.

Isda: ibalik ang ating mga pangisdaan, ipagbawal ang malawakang pangingisdang gamit ang lambat na hinihila ng malalaking barko, at bawasan ang hindi sinasadyang huli.

Pamilya: Ipinaglalaban ko ang isang Alaska kung saan kayang manatili at bumuo ng buhay ang mga kabataan. Babawasan ko ang mga buwis, pababain ang mga gastos, at itataas ang mga sahod ng masisipag na pamilya. Isusulong ko ang pagpapababa ng gastos sa pabahay, pangangalaga sa bata, at enerhiya, babaligtarin ang mapaminsalang pagbabawas sa pangangalagang pangkalusugan, at ipaglalaban ang pagpopondo sa mga programa at imprastrakturang inaasahan ng mga Alaskan tulad ng Marine Highway System, Railbelt energy grid, pampublikong radyo, at edukasyon.


Kalayaan: Palagi kong poprotektahan ang mga indibidwal na kalayaan ng mga Alaskan, kabilang ang karapatan sa pribasiya at ang karapatang magmay-ari at magdala ng mga armas.

Magiging isang malayang tinig ako para sa Alaska — makikinig sa mga Alaskan, hindi sa mga tagaloob ng DC. Sama-sama, maibabalik natin ang kasaganaan at makapagbibigay ng tunay na kaginhawaan para sa masisipag na mga Alaskan.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Senador ng Estados Unidos

Dan S. Sullivan, **Rehistradong Republikano**



TIRAHAN:	Info
ADRES SA KOREO:	3705 Arctic Blvd., Suite #447 Anchorage, AK 99503
EMAIL:	info@danforak.com
WEBSITE:	www.dansullivanforalaska.com
EDAD:	61
LUGAR NG KAPANGANAKAN:	Fairview Park, OH
PANGALAN NG ASAWA:	Julie Sullivan
TRABAHO:	Senador ng Estados Unidos

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 29 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Fairbanks: 1997-1998
Anchorage: 1998-2002, 2009-Kasalukuyan

EDUKASYON:
Harvard University: Batsilyer sa Ekonomiks
Georgetown University: Abogasya/Digring Master

SERBISYONG MILITAR:
Koronel, Marino ng Estados Unidos
Impanteriya/Opisyal ng Rekonesans ng Hukbong
Medalyang Expeditionaryo para sa Digmaan Laban sa Terorismo
Medalyang Kampanya sa Afghanistan

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Pangkalahatang Abugado, Estado ng Alaska
Komisyoner, Kagawaran ng Likas na Yaman ng Alaska Tagapangulo, Subkomite sa Kahandaan ng Komite ng Senado ng Estados Unidos para sa Sandatahang Lakas
Tagapangulo, Subkomite sa Tanod Baybayin at Seguridad ng Komite sa Komersyo ng Senado ng Estados Unidos
Kasapi, Komite ng Senado ng Estados Unidos para sa mga Beterano
Kasapi, Komite ng Senado ng Estados Unidos para sa Kapaligiran at Mga Pampublikong Gawain
Katulong na Kalihim ng Estado ng Estados Unidos
Direktor, Kawani ng Konseho ng Pambansang Seguridad ng White House

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Katuwang na Abugado, Perkins, Coie, LLP (Anchorage)
Klerk ng Hukuman para sa Abogasya, Kataas-taasang Hukuman ng Alaska (Anchorage)
Hukuman ng mga Apela ng Estados Unidos, Ikasiyam na Sirkito (Fairbanks)

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO:
Simbahang Katoliko ni Santa Elizabeth Ann Seton
American Legion
Veterans of Foreign Wars (VFW)
Pambansang Samahan ng Riple

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Panahon kasama ang pamilya, pagtakbo, pangangaso, pangingisda, pag-i-ski, pagbabasa ng kasaysayan.

PAHAYAG:
Bilang inyong Senador ng Estados Unidos, nagkaroon ako ng karangalang makatrabaho kayo para sa mga prayoridad ng Alaska. Ang aking bisyon para sa Alaska ay isang estadong may pagkakataon para sa lahat, na may mas maraming trabaho, mas maraming perang nananatili sa inyong bulsa, mas mababang buwis para sa masisipag na mga Alaskan, mas ligtas na mga komunidad, at mas matatag na bansa.

Pinalawak natin ang produksiyon ng enerhiya ng Alaska mula sa NPR-A, ANWR, hanggang Cook Inlet, at nakamit ang makasaysayang pag-unlad sa proyektong Alaska LNG upang mapababa ang mga gastos para sa mga Alaskan at makalikha ng mga trabahong may magandang sahod.

Naipasa natin ang makasaysayang batas upang linisin ang ating mga karagatan, palakasin ang pagdami ng salmon, bawasan ang hindi sinasadyang huli, at ipagbawal ang pag-aangkat ng mga isdang nahuli gamit ang lambat na hinihila mula sa Russia at Tsina, na nagpapatibay sa mga komunidad sa baybayin at sa mga pangisdaan. Naipasa natin ang makasaysayang pagbabawas ng buwis para sa mga pamilyang nagtatrabaho, maliliit na negosyo, at ating mga nakatatanda.

Naipagkaloob natin ang pinakamalaking pagpapalakas ng Sandatahang Lakas at Tanod Baybayin sa kasaysayan ng Alaska, kabilang ang $7 bilyong muling pagpapalakas ng JBER, apat na icebreaker na nakatalaga sa Alaska bilang kanilang himpilang pantahanan, at muling pagbubukas ng himpilan ng Hukbong-Dagat sa Adak—na lumikha ng libu-libong trabaho. Mula sa mga Daungan ng Nome at Anchorage, Barrow Sea Wall, at isang makasaysayang pagpapalawak ng broadband, nagsagawa tayo ng bilyun-bilyong dolyar na pamumuhunan sa imprastraktura upang mapababa ang mga gastos at makalikha ng mga trabaho.

Natiyak natin ang pinakamalaking pederal na pamumuhunan sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alaska na nagkakahalaga ng $1.4 bilyon upang mapababa ang mga gastos.

Ginagawa nating mas ligtas ang mga Alaskan sa pamamagitan ng pagpapatibay ng seguridad sa hangganan, pagpigil sa nakamamatay na pagdaloy ng fentanyl, pagpapalawak ng libreng serbisyong legal para sa mga nakaligtas sa karahasang domestiko, at pamumuhunan sa kaligtasan ng abyasyon.

Marami pang gawaing kailangang tapusin. Sama-sama nating palalawigin ang makasaysayang pag-unlad na ito.


Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

Sullivan, Dan S.
(Rehistradong Republikano) Kasalukuyang Nanunungkulan

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Senador ng Estados Unidos

Daniel J. Sullivan Jr., **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: P.O. Box 1656
Petersburg, AK 99833

EMAIL: dan@sullivanforsenate.com

WEBSITE: https://www.sullivanforsenate.com

EDAD: 69

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Evergreen Park, IL

PANGALAN NG ASAWA: Karen Dillman

TRABAHO: Retiradong Guro sa Mababang Paaralan

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 46 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Petersburg, AK, Mayo 1980 hanggang kasalukuyan

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Homewood Flossmoor, Flossmoor, IL
Kolehiyo ng Timog-silangang Illinois, Harrisburg, IL
Pamantasang Pampamahalaan ng Idaho, Pocatello, ID

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Asosasyon ng mga Guro ng Petersburg

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO:
Kagawaran ng Boluntaryong Bumbero ng Petersburg, Konseho ng Sining ng Petersburg, Lupon ng Tagapayo sa Pampublikong Kaligtasan ng Petersburg

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Pangangaso at Pangingisda para sa Ikabubuhay, Paglalakad sa Kabundukan, Pagbibisikleta, Pag-aanluwagi, Musika, Pagboboluntaryo sa mga programa para sa kabataan.

IBA PA:
Lumaki ako sa isang malaki at masipag na pamilya na nagturo sa akin ng mga pagpapahalaga ng paglilingkod, pananagutan, at pag-una sa mga tao kaysa sa pulitika. Ginugol ko ang aking buhay bilang nasa hustong gulang sa pagtatrabaho sa mga trabahong manwal at mga propesyonal na trabaho, pagpapalaki ng pamilya, paglilingkod sa aking komunidad, at pagtatayo ng tahanan sa Alaska. Bilang isang guro, manggugubat, nakaligtas sa kanser, at matagal nang naninirahan sa Alaska, nauunawaan ko ang mga hamong kinakaharap ng mga pamilya dahil naranasan ko mismo ang mga ito. Tumatakbo ako para sa Senado ng Estados Unidos dahil karapat-dapat ang Alaska sa isang senador na nakikinig, naroroon, at inuuna ang Alaska sa bawat araw.

PAHAYAG:
Tumatakbo ako para sa Senado ng Estados Unidos dahil karapat-dapat ang Alaska sa isang senador na inuuna ang Alaska. Lumaki ako sa isang malaking pamilya kung saan ang masipag na paggawa, personal na pananagutan, at paglilingkod sa kapwa ay paraan ng pamumuhay, hindi mga islogang pampulitika. Nagtrabaho ako sa pagtotroso, konstruksyon, panggugubat, at iba pang mga trabahong manwal. Itinuro sa akin ng mga karanasang iyon ang kahalagahan ng tunay na trabaho at nagbigay sa akin ng mismong pag-unawa sa mga hamong kinakaharap ng mga pamilya, manggagawa, at komunidad ng Alaska.

Matapos buuin ang aking buhay sa Petersburg, magtrabaho para sa Serbisyo ng Kagubatan ng Estados Unidos, at kalaunan ay maglingkod bilang guro sa mababang paaralan, lalo akong nabahala na ang ating kasalukuyang Senador ng Estados Unidos ay nawalan na ng ugnayan sa mga taong inihalal sa kanya upang katawanin. Kailangan ng Alaska ng mga pinunong nagsasarili at may pananagutan na naghahanap sa kanilang mga nasasakupan, nakikinig, tumutugon, at inuuna ang kapakanan ng mga Alaskan.

Ang bawat kuwalipikadong mamamayan ay dapat magkaroon ng pagkakataong maghangad ng pampublikong katungkulan. Pinakamatatag ang ating demokrasya kapag may pagpipilian ang mga botante at kapag ang mga halalan ay pinagpapasyahan ng mga tao, hindi ng mga partido o mga opisyal ng pamahalaan. Hindi ako manonood lamang habang sinusubukan ng mga propesyonal na politiko na dayain ang sistema sa pamamagitan ng pananakot sa mga karaniwang taong tulad ko upang huwag tumakbo sa posisyon sa pamamagitan ng panggigipit upang maalis kami sa balota. Kung mahalal, ipaglalaban ko ang patas na halalan, pantay na pag-access sa balota, at ang karapatan ng bawat kuwalipikadong Amerikano na makilahok sa ating demokrasya.

Ang kinabukasan ng Alaska ay pag-aari ng mga mamamayan nito. Bilang inyong senador, magsisikap ako araw-araw upang makamit ang inyong tiwala at ipaglaban ang kinabukasan ng Alaska.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

MGA KANDIDATO PARA SA KINATAWAN NG ESTADOS UNIDOS



NOBYEMBRE 3 PANGKALAHATANG HALALAN

Kinatawan ng Estados Unidos

Nick Begich, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: P.O. Box 671710
Chugiak, AK 99567

EMAIL: info@alaskansfornickbegich.com

WEBSITE: www.alaskansfornickbegich.com

EDAD: 48

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Anchorage, AK

PANGALAN NG ASAWA: Dharna Begich

PANGALAN NG ANAK: Nicholas Begich IV

TRABAHO: Kinatawan ng Estados Unidos (AK)

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 22

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage, AK (2004-2011)
Chugiak, AK (2011- Kasalukuyan)

EDUKASYON:
Unibersidad ng Baylor (BBA), Unibersidad ng Indiana (MBA)

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Kinatawan ng Estados Unidos (AK); Komite ng Kapulungan sa mga Likas na Yaman, Pangalawang Tagapangulo, Subkomite sa Enerhiya at mga Yamang Mineral; Komite ng Kapulungan sa Transportasyon at Imprastraktura, Pangalawang Tagapangulo, Subkomite sa mga Riles, Pipeline, at mga Mapanganib na Materyal; Komite ng Kapulungan sa Agham, Espasyo, at Teknolohiya, Miyembro; Congressional Western Caucus, Pangalawang Tagapangulong Tagapagpaganap; Alaskans for Don Young, Kasamang Tagapangulo (2020); Alaska Republican Party, Komite sa Pananalapi, Kasamang Tagapangulo (2017–2019); Alaska Policy Forum, Pangulo ng Lupon (2018–2021)

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Tagapagtatag at Dating Namamahalang Kasosyo, Dashfire; Tagapagtatag at Dating Tagapangulong Tagapagpaganap, Farshore Partners (2006–2024); Pangulo ng Lupon ng MTA Foundation (2017–2021); Tagapamahala ng Marketing ng Produkto, Tagapamahala ng Teknolohiya, Ford Motor Company (2002–2004)

PAGIGING KASAPI SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD: Pambansang Samahan ng mga May-ari ng Baril, Pandaigdigang Samahan ng Safari (SCI), Matapat na Orden ng Moose, Lehiyong Amerikano, Simbahang ACF

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Pangingisda, Pangangaso, Paglalakbay, Basketbol, Paglikha ng mga Bagong Negosyo, Pamumuhunan

PAHAYAG:
Nagpunta si Nick Begich sa Washington upang ipaglaban ang Alaska, hindi upang maging bahagi ng nabigong sistema. Sa Kongreso, nakatuon si Nick sa pagbubukas sa paggamit ng mga likas na yaman ng Alaska, pagpapababa ng gastusin para sa mga pamilyang nagtatrabaho, paglikha ng mga trabaho sa Alaska, pagprotekta sa ating mga komunidad, at pagtiyak na may kalayaan ang mga taga-Alaska na magtakda ng sarili nating landas.

Sa kanyang unang termino sa Kongreso, tumulong si Nick Begich na maipasa ang makasaysayang pagbabawas sa buwis para sa mga manggagawang taga-Alaska, kabilang ang walang buwis sa mga tip, walang buwis sa overtime, makasaysayang pagbabawas sa buwis para sa mga nakatatanda, at permanenteng kaluwagan sa buwis para sa maliliit na negosyo.

Tumulong din si Nick na makamit ang pinakamahalagang tagumpay ng Alaska sa larangan ng pederal na mga likas na yaman sa loob ng isang henerasyon. Sa pamamagitan ng Batas sa mga Pagbabawas ng Buwis para sa mga Pamilyang Nagtatrabaho, muling binuksan ng Kongreso ang malalaking oportunidad para sa responsableng pagpapaunlad ng enerhiya sa National Petroleum Reserve–Alaska, Coastal Plains, Cook Inlet, at iba pang mga lugar na may likas na yaman na mahalaga sa kinabukasan ng Alaska.

Nakatiyak din si Nick ng isang mas matatag na pangmatagalang kasunduan para sa Alaska sa pamamagitan ng pagpapataas ng bahagi ng estado sa ilang kita mula sa pederal na mga likas na yaman mula 50 porsiyento tungo sa 70 porsiyento. Nangangahulugan ito na mas malaking bahagi ng yaman ng Alaska mula sa mga likas na yaman ang nananatili sa mga taga-Alaska, na tumutulong sa pagsuporta sa mga PFD, mga silid-aralan, mga kalsada, kaligtasan ng publiko, at mahahalagang serbisyo sa buong estado.

Bilang isang negosyante, naniniwala si Nick na hindi dapat kailangang humingi ng pahintulot ang mga taga-Alaska sa mga burukrata sa Washington, D.C. upang magamit ang mga likas na yaman na nasa ilalim ng ating mga paa. Malinaw ang kanyang mga susunod na layunin: isulong ang gasline ng Alaska, wakasan nang tuluyan ang labis na paghihigpit ng mga regulasyon, at bumuo ng isang henerasyon ng mga trabahong may mataas na sahod upang manatili sa Alaska ang ating mga anak at mga apo.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Kinatawan ng Estados Unidos

Eric Hafner, **Rehistradong Demokratiko**



EDUKASYON:
PORMAL NA EDUKASYON: NAGTAPOS SA KOLEHIYO NG DENVER SA HUSTISYANG PANGKRIMINAL: Batas Konstitusyonal, Batas Pangkriminal, Intelihensiya, Imbestigasyon sa Pinangyarihan ng Krimen (CSI), Imbestigasyon sa mga Narkotiko, mga Krimeng Seksuwal, Tungkuling Panghukuman, mga Serbisyo sa Pagwawasto, Kriminolohiya, Biktimolohiya, mga Sistema ng Pagpupulis, Terorismo.
Pokus sa Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco: Masusing Pag-aaral sa mga Isla sa Pasipiko; mga Etnikong Pag-aaral; mga Pag-aaral tungkol sa Kababaihan; mga Interdisiplinaryong Pag-aaral (mga Karapatan ng LGBT/Pagkakaiba-iba).
KARAGDAGAN: Seguridad ng Sariling Bayan, Agham Pampulitika, Kasaysayan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, Sikolohiya.

IBA PA:
Sa isla ng Maui, Hawaii, itinaguyod ang soberanya ng mga Katutubong Amerikano bilang bahagi ng pangkat ng depensa sa kasong kriminal na matagumpay na nakamit ang GANAP NA PAGPAPAWALANG-SALA. Itinaguyod ang dispensaryo ng medikal na marijuana ng mga Katutubong Hawaiian at Katutubong Amerikano laban sa mga interes ng mga korporasyong nagbabanta sa mga karapatan ng mga Katutubo.

Nakipag-ugnayan sa mga mag-aaral para sa Makatwirang Patakaran sa Droga (SSDP) at NORML upang baguhin ang hindi makatarungang mga batas sa droga at itaguyod ang pagbabawas ng pinsala.

Unyon ng mga Guro ng Denver na sumusuporta sa PAMBANSANG pampublikong edukasyon mula K-12, mga kampanyang pampulitika para sa Susog 66, Fieldworks LLC at Halalan ng Lupon ng Paaralan ng Douglas County, Colorado.

Aktibong sumuporta sa Unyon ng mga Manggagawa sa Denver, Pakikipaglaban ng mga Manggagawa sa Fast Food para sa $15.

Washington DC, Embahador ng Senegal sa Africa—Tuwirang Suporta sa Embahador.

PAHAYAG:
Nasa isang sangandaan ang Amerika na pumunit sa puso ng ating bansa. Kailanman ay hindi pa tayo naging ganito kahati habang nagbubuga ng poot laban sa kapwa mga Amerikano. Dati, nagkaroon tayo ng mga pagkakaiba ngunit nanaig ang pagkamagalang at ang iisang layunin ng “isang bansa.”

Itinuro sa akin ng aking pag-aaral sa klase tungkol sa “Kasaysayan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig,” sa pamamagitan ng mismong pakikinig sa ating mga beterano habang isinasalaysay nila ang kanilang mga personal na kuwento ng sakripisyo at kakila-kilabot na karanasan, na dapat iwasan ang digmaan sa lahat ng paraan-hindi lamang para sa ating magigiting na mga sundalong walang pag-iimbot na nagbuwis ng kanilang buhay kundi para rin sa lahat ng pamilyang inosenteng nadadamay sa kakila-kilabot na pangyayari.

May mga pagkakataon sa edukasyon ang Amerika na nagtuturo sa lahat ng edad tungkol sa ating mga kasaysayan at mga pagpapahalaga. Kamakailan ay nakararanas tayo ng isang paggising sa mga katotohanang kumukuwestiyon sa mga tinanggap natin bilang makasaysayang katotohanan. Ang pagsuporta sa EdukasyonParaSaLahat ay naglalantad sa katotohanang nakatago sa dilim. Maging ito man ay tungkol sa mga dahilan kung bakit tayo nakipagdigma, kung bakit ipinagkakait sa ating mga Katutubong mamamayan ang kanilang mga karapatan, kung bakit dapat magkaroon ang mga kababaihan ng karapatan sa angkop na mga pasyang medikal, kung anong mga aklat ang binabasa natin, Kasaysayan ng mga Itim, at iba pa, napakahalaga ng patuloy na pagkakaroon ng access sa Mas Mataas na EdukasyonParaSaLahat. Kailangan natin ang BAWAT mahuhusay na Amerikano at mga guro upang maisulong ang ating bansa.

Nangunguna ang Alaska sa krisis sa ating kapaligiran na ngayo’y ipinakikita ang matinding epekto nito sa mas mababang 48 na mga estado - nanguna ang ating mga unibersidad at mga komunidad ng mga Katutubo sa pagpapalaganap ng kamalayan-mahalaga ang ating mga likas na yaman tulad ng ANWR, hindi para sa panandaliang pagsasamantala.

Sama-sama tayong dapat magkaisa sa ating layunin, paglapitin ang mga komunidad sa paglutas ng mga problema, at humanap ng mga praktikal na solusyon para sa kabutihan ng lahat, hindi para sa agarang kasakiman.


Ang inyong boto ang magtatakda sa ating direksyon.

Facebook: Eric Hafner
AlaskaEricHafner@gmail.com

The views expressed in this statement are from the candidate and not endorsed by the Division of Elections.
The text of this statement was provided and paid for by the candidate in accordance with AS 15.58.030 and 6 AAC 25.690.

Kinatawan ng Estados Unidos

Bill Hill, **Kinikilingang Partido**



ADRES SA KOREO: PO Box 220703
Anchorage, AK 99522

EMAIL: team@billhillforalaskans.com

WEBSITE: www.billhillforalaskans.com

EDAD: 57

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Maryland

PANGALAN NG ASAWA: Diane Hill

MGA PANGALAN NG MGA ANAK:

Billy Sarandria, Emma Sarandria, Eric Hill, Gabriella Hill

TRABAHO: Mangingisdang Komersiyal

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 57 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Kokhanok 1969 - 1984
Naknek 1984 - 1987, 1997 - 2003, 2009 - Kasalukuyan
Fairbanks 1987 - 1989
Juneau 2003 - 2009
Anchorage 1990 - 1997

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Bristol Bay
Unibersidad ng Alaska Anchorage – Batsilyer sa Edukasyon, na may espesyalisasyon sa Agham sa Sekondarya
Binabago rin ng batas na ito ang balota para sa mga pangkalahatang halalan. Ipapakita sa balota ang kaugnayang pampulitika ng kandidato, kung mayroon. Ang mga isinusulat na kandidato para sa gobernador at tenyente gobernador ay dapat na kabilang sa parehong partido o grupo. Binabago rin ng batas na ito ang paraan ng pagboto sa mga pangkalahatang halalan. Inaalis nito ang pagboboto ng niraranggong pagpili. Isang kandidato lamang ang maaaring iboto ng isang botante para sa bawat katungkulan, at ang kandidatong makatatanggap ng pinakamaraming boto ang mananalo.

Panukalang Balota Blg. 2 - 24ESEG

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Babaguhin din ng batas na ito ang kahulugan ng "partidong pulitikal." Ang mga miyembro ng partido ng gobernador at ang mga miyembro ng partidong nakatanggap ng ikalawang pinakamaraming boto sa pinakahuling halalan para sa gobernador ay magsisilbi sa ilang lupon ng estado. Dapat humirang ang gobernador ng dalawang miyembro ng Komisyon sa mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska mula sa mga listahang isinumite ng mga partidong ito. Ang isang kandidato ay maaaring humirang ng tagamasid sa botohan kung ang kandidato ay hindi kumakatawan sa isang partido.

Ulat ng Mga Gastos

Buod ng Gastusin ng Maramihang Ahensya

Ahensya	Gastos
Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska	$6,975
Tanggapan ng Tenyente-Gobernador	$15,000
Tanggapan ng Tenyente-Gobernador – Dibisyon ng mga Halalan	$2,608,983
KABUUAN	**$2,630,958**

Tinatayang Gastusin para sa Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska

Ayon sa kinakailangan ng AS 15.45.090(a)(4), inihanda ng Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska (Alaska Public Offices Commission, APOC) ang sumusunod na pahayag ng mga gastusin para ipatupad ang panukalang inisyatiba sa balota.

Layuning bawiin ng panukalang inisyatiba ang mga probisyon ng Panukala sa Balota 2 na naipasa ng mga botante sa pangkalahatang halalan ng estado noong 2020. Kung maipapasa, mapapawalang-bisa ng inisyatiba ang ilang kinakailangang ulat para sa mga taong kasangkot sa mga independiyenteng aktibidad sa paggastos at kanilang mga kontribyutor; at ilang kinakailangang identipikasyon para sa mga pampolitikang komunikasyon.

Tinatayang 60 oras ng programming ang kakailanganin upang idisenyo, subukan, at i-deploy ang mga pagbabago sa online filing program ng ahensya. Tinatayang Gastusin: ~$3,975

Tinatayang kakailanganin ang humigit-kumulang 30 oras ng kawani upang amyendahan, ipalathala ang paunawa, at ipatupad ang mga regulasyong kinakailangan upang maipatupad ang panukalang ito. Tinatayang Gastusin: ~$3,000

Tinatayang gastusin para amyendahan ang online filing program ng APOC at ipatupad ang bagong regulasyon **$6,975**

Tinatayang Gastusin para sa Tanggapan ng Tenyente-Gobernador at Dibisyon ng mga Halalan

Ayon sa AS 15.45.090(a)(3), inihanda ng Tanggapan ng Tenyente-Gobernador at ng Dibisyon ng mga Halalan ang sumusunod na pahayag ng mga gastusin para ipatupad ang panukalang inisyatiba sa balota.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Tenyente-Gobernador

Ayon sa Batas ng Alaska 15.45.195, hindi bababa sa 30 araw bago ang halalan kung saan ilalagay ang isang inisyatiba sa balota, ang tenyente-gobernador o isang itinalagang kinatawan ng tenyente-gobernador ay dapat magsagawa ng dalawa o higit pang pampublikong pagdinig tungkol sa inisyatiba sa bawat hudisyal na distrito sa estado. Bawat pampublikong pagdinig sa ilalim ng seksyong ito ay dapat magsama ng nakasulat o pasalitang testimonya ng isang tagasuporta at isang kalaban ng inisyatiba.

Tinatayang gastusin para sa pagbiyahe at mga serbisyo ng LIO para sa Tenyente-Gobernador at isang kawani	**$15,000**

Dibisyon ng mga Halalan

Ang pinakamababang gastos para sa Dibisyon ng mga Halalan na may kaugnayan sa sertipikasyon ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba, hindi kasama ang legal na gastusin ng estado at ang gastusin sa anumang hamon sa bisa ng petisyon, ay tinatayang $2,608,983.

Pagtantya ayon sa Kategorya

Mga Personal na Serbisyo	$81,626
Mga Serbisyo ng Pag-iimprenta	$1,505
Edukasyon ng Botante	$2,500,000
Tulong sa Wika	$25,852
KABUUAN	$2,608,983

Pagsusuri ng Epekto sa Pananalapi ng Inisyatiba sa Balota

Pagsusuri ng Petisyon para sa Inisyatiba

Mga Personal na Serbisyo: Anim na pansamantalang empleyado upang suriin ang mga lagda sa loob ng 2,520 oras.
Tinatayang gastusin: $57,312

Tinatayang kakailanganin ang 504 na oras para sa pagpapatunay ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba.
Tinatayang gastusin: $24,314.

Mga Serbisyo ng Pag-iimprenta: Mga gastusin sa serbisyo ng pag-iimprenta na may kaugnayan sa sertipikasyon ng aplikasyon para sa inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba.
Pag-iimprenta ng mga booklet ng botante: $1,505

Kampanya sa Pampublikong Edukasyon

Kailangang isagawa ang isang kampanya sa pampublikong edukasyon upang ipaalam sa mga kandidato, botante, at mga kawani ng halalan ang mga pagbabago sa proseso ng primaryang halalan at pangkalahatang halalan.

Tinatayang gastusin: $2,500,000

Panukalang Balota Blg. 2 - 24ESEG

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Tulong sa Wika

Tinatayang gastos sa pagsasalin ng wika ng panukalang boto para sa audio at halimbawa ng balota, pati na rin sa: pahayag pabor sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, pahayag laban sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, at neutral na buod sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, sa mga wikang kinakailangan alinsunod sa Toyukak Settlement at Seksyon 203 ng Federal Voting Rights Act.

Tinatayang gastusin: $25,852

KABUUAN ng lahat ng kategorya: $2,630,958

Ang teksto ng panukalang batas na ito ay inihandog bilang pagsusumite sa mga nag isponsor ng petisyon.

Panukalang Balota Blg. 2 - 24ESEG

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Buong Teksto ng Iminungkahing Batas

ISANG INISYATIBA UPANG:

PAGPAPAWALANG-BISA SA SISTEMA NG PRIMARYANG HALALAN NA WALANG PARTIDO POLITIKAL AT BUKAS SA LAHAT NG BOTANTE AT APAT NA MAY PINAKAMATAAS NA BOTO ANG UUSAD SA HALALAN (OPEN TOP FOUR) AT SISTEMA NG PANGKALAHATANG HALALAN NA MAY PAGRARANGGO NG PINILI (RANKED-CHOICE); AT PAGBABALIK NG ISANG PRIMARYANG HALALAN NA MAY PARTIDO POLITIKAL AT PAGBABAGO SA MGA KINAKAILANGANG PROSESO NG PAGTATALAGA PARA SA ILANG LUPON NG HALALAN AT MGA TAGAPAGBANTAY AT SA KOMISYON NG MGA TANGGAPANG PAMPUBLIKO NG ALASKA; PAGBABALIK NG ESPESYAL NA MULING HALALAN (RUNOFF); PAGPAPAWALANG-BISA AT PAG-AMYENDA SA MGA KINAKAILANGAN PARA SA MGA GRUPONG GUMAGASTOS NANG INDIPENDIYENTE.

ISANG PANUKALANG-BATAS SA PAMAMAGITAN NG INISYATIBA

Para sa Batas na may Pamagat na

“Isang batas para sa pagpapawalang-bisa sa sistema ng primaryang halalan na walang partido politikal at bukas sa lahat ng botante at apat na may pinakamataas na boto ang uusad sa halalan (open top four) at sistema ng pangkalahatang halalan na may pagraranggo ng pinili (ranked-choice); at pagbabalik ng isang primaryang halalan na may partido politikal at pagbabago sa mga kinakailangan at kaugnay na proseso ng pagtatalaga para sa ilang lupon ng halalan at mga tagapagbantay at sa komisyon ng mga tanggapang pampubliko ng alaska; pagbabalik ng espesyal na muling halalan (runoff); pagpapawalang-bisa at pag-amyenda sa mga kinakailangan para sa mga grupong gumagastos nang indipendiyente.

IPINAPATUPAD NG TAUMBAYAN NG ESTADO NG ALASKA:

***Sek. 1.** Inamyendahan ang AS 15.10.120(c) na nagsasaad:

> (c) Magtatalaga ang isang superbisor ng halalan ng isang nominado mula sa partido politikal o grupong politikal na may pinakamaraming rehistradong botante noong nakaraang halalan para sa gobernador na kinabibilangan ng Gobernador, at isang nominado mula sa partido politikal o grupong politikal na nakakuha ng pangalawang pinakamaraming rehistradong botante sa halalan para sa gobernador sa buong estado. Gayunpaman, maaaring magtalaga ang superbisor ng halalan ng isang kwalipikadong indibidwal na rehistradong miyembro ng isang ikatlong partido politikal o grupong politikal, o bilang isang walang partido o hindi nagdeklara ng partido na botante, kung ang komite ng distrito ng partido o sentral na komite ng estado ng partido o grupong may pinakamaraming rehistradong botante na kinabibilangan ng Gobernador, o ang partido politikal o grupong may pangalawang pinakamaraming rehistradong botante sa buong estado noong nakaraang halalan para sa gobernador, ay nabigong iprisinta ang mga pangalang

itinakda sa (b) ng seksyong ito bago ang Abril 15 ng isang regular na taon ng halalan, o hindi bababa sa 60 araw bago ang isang espesyal na primaryang halalan, maaaring magtalaga ang superbisor ng sinumang kwalipikadong indibidwal na rehistradong botante.

***Sek. 2.** Inamyendahan ang AS 15.10.170 na nagsasaad:

Sek. 15.10.170. Pagtatalaga at mga pribilehiyo ng mga tagapagbantay. Ang komite ng partido sa presinto, kung may organisadong komite sa presinto, o ang komite ng distrito ng partido kung walang organisadong komite sa presinto, o ang tagapangulo ng partido sa estado kung wala namang komite sa presinto o komite ng distrito ng partido, ay maaaring magtalaga ng isa o higit pang mga tao bilang tagapagbantay sa bawat presinto at sentro ng pagbibilang para sa anumang halalan. Bawat kandidato na hindi kumakatawan sa isang partido politikal ay maaaring magtalaga ng isa o higit pang mga tagapagbantay para sa bawat presinto o sentro ng pagbibilang sa kani-kanilang distrito o sa buong estado para sa anumang halalan. Anumang organisasyon o organisadong grupo na sumusuporta o kumokontra sa isang inisyatiba, referendum, o recall ay maaaring magtalaga ng isa o higit pang mga tao bilang tagapagbantay sa mga botohan at sentro ng pagbibilang pagkatapos makakuha ng pahintulot mula sa direktor. Ang isang tagapangulo ng partido sa estado, isang komite ng partido sa presinto, isang komite ng distrito ng partido, o isang kandidato na hindi kumakatawan sa anumang partido o organisasyon o organisadong grupo ay hindi maaaring magkaroon ng higit sa isang tagapagbantay na nakatalaga sa anumang oras sa alinmang presinto o sentro ng pagbibilang. Dapat na mamamayan ng Estados Unidos ang isang tagapagbantay. Maaaring naroroon ang tagapagbantay sa isang posisyon sa loob ng lugar ng pagboto o pagbibilang na nakakakita nang malinaw sa kabuuan ng lahat ng kilos ng mga opisyal ng halalan mula sa pagbubukas ng mga presinto hanggang sa tuluyang pagbibilang ng mga balota at pagkumpirma ng mga resulta ng lupon ng halalan o ng lupon sa pagsusuri ng pagpoproseso ng datos. Maaaring hilingin ng lupon ng halalan o ng lupon sa pagsusuri ng pagpoproseso ng datos sa bawat tagapagbantay na magpakita ng nakasulat na patunay ng pagtatalaga mula sa komite ng partido sa presinto, komite ng distrito ng partido, organisasyon o organisadong grupo, o kandidato na kinakatawan ng tagapagbantay, na may lagda ng tagapangulo ng komite ng partido sa presinto, komite ng distrito ng partido, tagapangulo ng partido sa estado, organisasyon o organisadong grupo, o kandidato na hindi kumakatawan sa anumang partido.

(a) Bilang karagdagan sa mga tagapagbantay na itinalaga sa ilalim ng (a) ng seksyong ito, sa isang primaryang halalan o espesyal na primaryang halalan o espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140, o espesyal na muling halalan sa ilalim ng AS 15.40.141, maaaring magtalaga ang bawat kandidato ng isang tagapagbantay sa bawat presinto at sentro ng pagbibilang.

***Sek. 3.** Inamyendahan ang mula AS 15.13.020(b) hanggang AS 15.13.020(d) na nagsasaad:

(b) Magtatalaga ang gobernador ng dalawang miyembro mula sa bawat isa sa dalawang partido politikal o grupong politikal na may pinakamalaking bilang ng rehistradong botante, na

ang kandidato para sa Gobernador ay nakatanggap ng pinakamataas na bilang ng boto sa pinakahuling nagdaang pangkalahatang halalan kung saan nahalal ang isang gobernador. Ang dalawang itinalagang miyembro mula sa bawat isa sa dalawang partidong ito o grupo ay pipiliin mula sa listahan ng apat na pangalan na isusumite ng komiteng sentral ng bawat partido o pangkat.

(c) Ang apat na miyembrong napili sa ilalim ng (b) ng seksyong ito ay, sa pamamagitan ng mayoryang boto, magmumungkahi sa gobernador ng isang indibidwal na magsisilbing ikalimang miyembro ng komisyon. Magtatalaga ang gobernador ng nominado sa komisyon, o tatanggihan ang nominado at hihilingin sa apat na miyembro na iyon na magmungkahi ng ibang indibidwal na magsisilbing ikalimang miyembro ng komisyon.

(d) Nagsisilbi ang mga miyembro ng komisyon sa magkakaibang termino na tig-limang taon, o hanggang sa maitatalaga at kwalipikado ang isang kahalili. Hindi maaaring sabay o sunod na taon matapos ang termino ng dalawang miyembro na mula sa parehong partido politikal. Hindi maaaring magsilbi ang isang miyembro ng higit sa isang termino. Gayunpaman, ang isang tao na itinalaga upang punan ang natitirang termino ng isang naunang miyembro ay maaaring italaga sa kasunod na buong limang-taong termino.

***Sek. 4.** Pinawalang-bisa ang AS 15.13.040(s).

***Sek. 5.** Pinawalang-bisa ang AS 15.13.070(g).

***Sek. 6.** Inamyendahan ang AS 15.13.074(b) na nagsasaad:

(b) Hindi maaaring magbigay ng kontribusyon nang hindi nakikilala ang isang tao o grupo, gamit ang pekeng pangalan, o gamit ang pangalan ng iba.

***Sek. 7.** Inamyendahan ang AS 15.13.074(c) na nagsasaad:

(c) Hindi maaaring magbigay ng kontribusyon ang isang tao o grupo

(1) sa isang kandidato o indibidwal na nagsusumite sa komisyon ng dokumento na kinakailangan upang payagan ang indibidwal na gumastos ng ilang gastusin na may kaugnayan sa halalan ayon sa AS 15.13.100, kapag ang posisyon ay pupunan sa isang pangkalahatang halalan, bago ang petsa na 18 buwan bago ang pangkalahatang halalan;

(2) sa isang kandidato o indibidwal na nagsusumite sa komisyon ng dokumento na kinakailangan upang payagan ang indibidwal na gumastos ng ilang gastusin na may kaugnayan sa halalan ayon sa AS 15.13.100 para sa isang posisyon na pupunan sa isang espesyal na halalan o munisipal na halalan, bago ang petsa na 18 buwan bago ang petsa ng regular na munisipal na halalan, o bago ang petsa ng proklamasyon ng espesyal na

halalan kung saan naghahangad ng halalan sa pampublikong posisyon ang kandidato o indibidwal; o

(3) sa anumang kandidato nang lampas sa ika-45 araw

(A) pagkatapos ng petsa ng primaryang halalan kung ang kandidato ay nasa balota ngunit hindi nominado sa primaryang halalan; o

(B) pagkatapos ng petsa ng pangkalahatang halalan, o pagkatapos ng petsa ng munisipal o munisipal na muling halalan.

***Sek. 8.** Inamyendahan ang AS 15.13.090(c) na nagsasaad:

(c) Upang matugunan ang mga kinakailangan ng (a)(1) ng seksyong ito at, kung naaangkop, ng (a)(2)(C) ng seksyong ito, ang isang komunikasyon na may kasamang print o video na bahagi ay dapat magkaroon ng sumusunod na pahayag o mga pahayag na inilagay sa komunikasyon nang madaling mabasa; ang ikalawang pahayag ay hindi kinakailangan kung ang taong nagbayad para sa komunikasyon ay walang mga kontribyutor o isang partido politikal:

Ang komunikasyong ito ay binayaran ni (pangalan ng tao at lungsod at estado ng pangunahing lugar ng negosyo). Ang pinakamalalaking kontribyutor ni (pangalan ng tao) ay (ang pangalan at lungsod at estado ng tirahan o pangunahing lugar ng negosyo, ayon sa naaangkop, ng pinakamalalaking kontribyutor sa tao ayon sa AS 15.13.090(a)(2)(C)).

***Sek. 9.** Pinawalang-bisa ang AS 15.13.090(g).

***Sek. 10.** Inamyendahan ang AS 15.13.110(f) na nagsasaad:

(f) Sa taon kung kailan nakatakda ang halalan, ang bawat isa sa mga sumusunod ay dapat magsumite ng ulat ng pagbubunyag ng kampanya sa paraan at sa mga oras na itinakda ng seksyong ito:

(1) isang tao na, alinsunod sa mga regulasyong ipinasa ng komisyon upang ipatupad ang AS 15.13.100, ay nagpapahiwatig ng intensyon na maging kandidato para sa pinipiling posisyon sa ehekutibo o lehislatibong sangay ng estado;

(2) isang tao na nagsumite ng petisyon para sa nominasyon alinsunod sa AS 15.25.140 – 15.25.200 upang maging kandidato sa pangkalahatang halalan para sa pinipiling posisyon sa ehekutibo o lehislatibong sangay ng estado;

(3) isang tao na nagsasagawa ng kampanya bilang kandidatong isinusulat sa balota (kandidato na hindi nakalista sa balota, ngunit puwede pa ring iboto kung isusulat ng

botante ang kanyang pangalan) para sa pinipiling posisyon sa ehekutibo o lehislatibong sangay ng estado sa pangkalahatang halalan; at

(4) isang grupo o di-grupong entidad na tumatanggap ng kontribusyon o gumagawa ng gastusin sa ngalan ng o laban sa isang tao na inilarawan sa (1) – (3) ng subseksyong ito, maliban kung nakasaad sa ilang independiyenteng gastusin ng mga di-grupong entidad sa AS 15.13.135(a).

***Sek. 11**. Pinawalang-bisa ang AS 15.13.110(k).

***Sek. 12.** Inamyendahan ang AS 15.13.390(a) na nagsasaad:

(a) Isang tao na nabigong magparehistro kapag kinakailangan ayon sa AS 15.13.050(a) o nabigong magsumite ng wastong kumpletong at sertipikadong ulat sa loob ng itinakdang panahon ayon sa AS 15.13.040, 15.13.060(b) – (d), 15.13.110(a)(1), (3), o (4), (e), o (f) ay maaaring patawan ng sibil na multa na hindi hihigit sa $50 kada araw para sa bawat araw na nagpapatuloy ang paglabag, alinsunod sa pasya ng komisyon, na may karapatang umapela sa nakatataas na hukuman. Isang tao na nabigong magsumite ng wastong kumpletong at sertipikadong ulat sa loob ng itinakdang panahon ayon sa AS 15.13.110(a)(2) o 15.13.110(b) ay maaaring patawan ng sibil na multa na hindi hihigit sa $500 kada araw para sa bawat araw na nagpapatuloy ang paglabag, alinsunod sa pasya ng komisyon, na may karapatang umapela sa nakatataas na hukuman. Isang tao na lumabag sa isang probisyon ng kabanatang ito, maliban sa probisyon na nag-uutos ng rehistrasyon o pagsusumite ng ulat sa itinakdang panahon gaya ng iba pang itinakda sa seksyong ito, ay maaaring patawan ng sibil na multa na hindi hihigit sa $50 kada araw para sa bawat araw na nagpapatuloy ang paglabag, alinsunod sa pasya ng komisyon, na may karapatang umapela sa nakatataas na hukuman. Maaaring magsumite ang isang tao ng affidavit na naglalahad ng mga katotohanan bilang mitigasyon sa komisyon kung saan siya pinatawan ng sibil na multa. Gayunpaman, ang pagpapataw ng mga multa na itinakda sa seksyong ito o sa AS 15.13.380 ay hindi nagpapawalang-bisa sa obligasyon ng taong iyon na magparehistro o magsumite ng mga ulat na kinakailangan ng kabanatang ito.

***Sek. 13.** Inamyendahan ang AS 15.13.400(3) na nagsasaad:

(3) “komunikasyon” ay nangangahulugang isang anunsyo o patalastas na ipinapakalat sa pamamagitan ng nakalimbag o midyang pantelebisyon at panradyo, kabilang ang radyo, telebisyon, cable, at satelayt, ang Internet, o sa pamamagitan ng maramihang pagpapadala sa koreo, maliban sa mga inilagay ng isang indibidwal o di-grupong entidad na nagkakahalaga ng $500 o mas mababa, at sa mga hindi direktang o hindi direktang tumutukoy sa isang kandidato o proposisyon, gaya ng kahulugan nito sa AS 15.13.065(c);

***Sek. 14.** Inamyendahan ang AS 15.13.400(4) na nagsasaad:

(4) “kontribusyon”

(A) ay nangangahulugang isang pagbili, bayad, pangako o obligasyon na magbayad, pautang o garantiya ng pautang, deposito o regalong pera, kalakal, o serbisyo na karaniwang sinisingil, at kabilang dito ang bayad ng isang tao maliban sa kandidato o partido politikal, o kompensasyon para sa personal na serbisyo ng ibang tao, na ibinibigay sa kandidato o partido politikal, at ginawa para sa layuning

(i) impluwensiyahan ang nominasyon o halalan ng kandidato;
(ii) impluwensiyahan ang isang proposisyon sa balota o tanong;
(iii) suportahan o tutulan ang isang aplikasyon para sa panukalang inisyatiba na isinumite sa tenyente-gobernador ayon sa AS 15.45.020;

(B) hindi kabilang ang

(i) mga serbisyong ibinigay nang walang bayad ng mga indibidwal na nagboboluntaryo ng bahagi o lahat ng kanilang oras para sa isang partido politikal, kandidato, o proposisyon sa balota o tanong;
(ii) karaniwang pagtanggap sa loob ng tahanan;
(iii) dalawa o mas kaunti pang maramihang pagpapadala sa koreobago ang bawat halalan mula sa bawat partido politikal na naglalarawan ng slate ng kandidato ng partido para sa halalan, na maaaring magsama ng mga larawan, talambuhay, at impormasyon tungkol sa kandidato ng partido;
(iv) ang mga resulta ng survey o poll na limitado lamang sa mga isyu at hindi binabanggit ang anumang kandidato, maliban kung ang survey ay hiniling o idinisenyo pangunahing para sa kapakinabangan ng kandidato;
(v) anumang komunikasyon sa anyo ng pahayagang pang-impormasyon mula sa isang mambabatas patungo sa kanyang mga nasasakupang mamamayan, maliban sa komunikasyon na hayagang nagtataguyod ng halalan o pagkatalo ng isang kandidato, o isang pahayagang pang-impormasyon o materyal sa pahayagang pang-impormasyon na malinaw na para lamang sa pribadong kapakinabangan ng mambabatas o ng empleyado ng lehislatura;
(vi) isang listahan para sa pangangalap ng pondo na ibinigay nang walang bayad ng isang kandidato o partido politikal sa isang kandidato o partido politikal; o
(vii) isang pagkakataon na makilahok sa isang forum ng mga kandidato na ibinigay sa isang kandidato nang walang bayad sa kandidato mula sa ibang tao at para sa kung saan ang kandidato ay karaniwang hindi sinisingil;

***Sek. 15.** Inamyendahan ang AS 15.13.400(6) na nagsasaad:

(6) “gastos”

(A) ay nangangahulugang isang pagbili o paglilipat ng pera o anumang bagay na may halaga, o pangako o kasunduan na bumili o maglipat ng pera o anumang bagay na may halaga, na ginawa o naganap para sa layuning

(i) impluwensiyahan ang nominasyon o halalan ng isang kandidato o ng anumang indibidwal na magsusumite para sa nominasyon sa kalaunan at magiging kandidato;
(ii) paggamit ng isang partido politikal;
(iii) pagbabayad ng isang tao maliban sa kandidato o partido politikal para sa kompensasyon ng personal na serbisyo ng ibang tao na ibinibigay sa kandidato o partido politikal;
(iv) impluwensiyahan ang kinalabasan ng isang proposisyon sa balota o tanong; o
(v) suportahan o tutulan ang isang aplikasyon para sa panukalang inisyatiba na isinumite sa tenyente-gobernador ayon sa AS 15.45.020;

(B) hindi kabilang ang bayad ng kandidato para sa pagsusumite o ang gastos sa paghahanda ng mga ulat at pahayag na kinakailangan ng kabanatang ito;

(C) hindi kabilang ang anumang kalakal o serbisyo na karaniwang magagamit sa publiko nang walang bayad;

(D) kabilang ang isang tuwirang komunikasyon at komunikasyon sa kampanya, ngunit hindi kabilang ang komunikasyon tungkol sa isyu;

***Sek. 16**. Pinawalang-bisa ang AS 15.13.400(18) hanggang AS 15.13.400(19)

***Sek. 17**. Pinawalang-bisa ang AS 15.15.005.

***Sek. 18.** Pinawalang-bisa ang AS 15.15.025.

***Sek. 19.** Inamyendahan ang AS 15.15.030(5) na nagsasaad:

(5) Ang mga pangalan ng mga kandidato at ang kanilang partidong kinakatawan ay ilalagay sa magkakahiwalay na seksyon sa pangkalahatang balota ng estado ayon sa posisyon na kanilang pinaghalalan. Kung nakarehistro ang kandidato bilang kaanib ng isang partido politikal o grupong politikal. Ang partidong kinabibilangan, kung mayroon, ay ilalagay pagkatapos ng pangalan ng kandidato, sa kahilingan ng kandidato. Kung ang kandidato ay humiling na italaga bilang walang partido politikal o hindi nagdeklara ng partido, ang pagtukoy na ito ay ilalagay pagkatapos ng pangalan ng kandidato. Kung hindi nakarehistro ang kandidato bilang kaanib ng isang partido politikal o grupong politikal at hindi humiling na italaga bilang walang partido politikal o hindi nagdeklara ng partido, ang kandidato ay itatalaga bilang hindi nagdeklara ng partido. Ilalagay ang tenyente gobernador at gobernador sa parehong seksyon. Dapat magkaroon ng probisyon para sa pagboto para sa kandidatong isinusulat sa balota at kandidatong walang partido sa bawat seksyon. Ang mga papel na balota para sa pangkalahatang halalan ng estado ay dapat nakaimprenta sa puting papel.

***Sek. 20.** Pinawalang-bisa ang AS 15.15.030(14) – (17).

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 21.** Pinawalang-bisa ang AS 15.15.060(e).

***Sek. 22.** Pinawalang-bisa ang AS 15.15.350(c) – (g)

***Sek. 23.** Inamyendahan ang AS 15.15.360(a) na nagsasaad:

(a) Dapat bilangin ng lupon ng halalan ang mga balota alinsunod sa mga sumusunod na patakaran:

(1) Maaaring markahan ng botante ang balota sa pamamagitan lamang ng pagpuno, paggawa ng "X", pahilis, pahalang, o patayong marka, solidong marka, bituin, bilog, asterisk, tsek, o plus sign na malinaw na nakapuwesto sa oval sa tapat ng pangalan ng kandidato, proposisyon, o tanong na nais piliin ng botante. [SA ISANG PANGKALAHATANG HALALAN, MAAARING MARKAHAN NG BOTANTE ANG BALOTA NA NANGANGAILANGAN NA BUMOTO PARA SA MGA KANDIDATO AYON SA PAGKAKARANGGO NG PREPERENSYA SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG MGA NUMERO NA MALINIS NA NAKAPUWESTO SA ISA SA MGA OVAL SA TAPAT NG PANGALAN NG KANDIDATO NA NAIS PILIIN NG BOTANTE.]

(2) Ang hindi wastong pagmamarka sa isa o higit pang kandidato ay hindi awtomatikong nagpapawalang-bisa sa buong balota.

(3) Kung naglagay ng marka ang botante sa mas kaunting pangalan kaysa sa bilang ng mga taong ihahalal sa posisyon, bibilangin pa rin ang boto para sa bawat kandidato na wastong namarkahan.

(5) Ang markang tinukoy sa (1) ng subseksyon na ito ay bibilangin lamang kung ito ay halos buong nasa loob ng ibinigay na oval, o dumadampi sa oval sa paraang malinaw na ipinapakita na nais ng botante na piliin ang partikular na oval.

(6) Hindi maaaring bilangin ang maling marka sa balota at hindi nito pinapawalang-bisa ang tamang marka para sa kandidato.

(7) Ang pagtatanggal o pagwawasto ay nagpapawalang-bisa lamang sa bahagi ng balota kung saan ito lumitaw.

(8) Ang boto na inilagay para sa kandidato para sa Presidente o Bise-Presidente ng Estados Unidos ay itinuturing at bibilangin bilang boto para sa halalan ng mga tagahalal ng pangulo.

***Sek. 24.** Inamyendahan ang AS 15.15.370 na nagsasaad:

Sek. 15.15.370. Pagkumpleto ng pagbibilang ng balota; sertipiko. Kapag nakumpleto na ang pagbibilang, at hindi lalampas sa isang araw pagkatapos ng halalan, gagawa ang lupon

ng halalan ng dobleng sertipiko ng resulta. Nilalaman ng sertipiko ang bilang ng boto para sa bawat kandidato, pabor at laban sa bawat proposisyon, oo o hindi sa bawat tanong, at anumang karagdagang impormasyong itinakda ng direktor. Agad pagkatapos makumpleto ang sertipiko, o sa lalong madaling panahon na pinapayagan ng lokal na koreo, ipapadala ng lupon sa direktor ang isang nakasarang pakete ng isang kopya ng sertipiko at rehistro. Bukod dito, ipapadala sa direktor sa hiwalay na nakasarang pakete ang lahat ng tamang balota. Bukod sa address sa labas, malinaw na ilalagay sa parehong pakete ang presinto kung saan nagmula ang mga ito. Agad pagkatapos makumpleto ang sertipikasyon, o sa lalong madaling panahon na pinapayagan ng lokal na koreo, ipapadala ng bawat lupon ang dobleng sertipiko sa kani-kanilang superbisor ng halalan. Maaaring payagan ng direktor ang mga lupon ng halalan sa mga presinto sa lugar kung saan mahirap umasa sa koreo dahil sa distansya at panahon na ipasa ang resulta ng halalan sa pamamagitan ng telepono o radyo. Maaaring payagan ng direktor ang hindi pormal na pagbibilang ng boto sa panrehiyong batayan ng mga superbisor ng halalan, ayon sa ipinapakita sa dobleng sertipiko. Upang matiyak ang sapat na proteksyon, itatalaga ng direktor kung paano itatago, ililipat, at sisirain ang mga balota, rehistro, at lahat ng iba pang talaan at materyal ng halalan pagkatapos nito.

***Sek. 25.** Inamyendahan ang AS 15.15.450 na nagsasaad:

Sek. 15.15.450. Sertipikasyon ng pagsusuri sa pagbibilang ng balota ng estado. Kapag nakumpleto na ang pagsusuri sa pagbibilang ng balota ng estado, sesertipikahan ng direktor ang taong nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa posisyong kinandidatohan bilang nahalal sa posisyong iyon, at sesertipikahan din ang pag-apruba sa isang hukom o mahistrado na hindi tinanggihan ng nakararaming bumoto sa tanong. Magbibigay ang direktor sa mga nahalal na kandidato at sa mga aprubadong hukom at mahistrado ng sertipiko ng kanilang pagkahalal o pag-apruba. Sesertipikahan din ng direktor ang resulta ng isang proposisyon at iba pang tanong, maliban sa mga inisyatiba, referendum, o amyenda sa konstitusyon na sesertipikahan ng tenyente-gobernador.

***Sek. 26.** Inamyendahan ang AS 15.20.081(h) na nagsasaad:

(h) maliban kung nakasaad sa AS 15.20.480, ang balota ng hindi makakarating (balota ng botanteng hindi makakadalo nang personal sa botohan sa araw ng halalan) na ipinadala sa koreo mula sa labas ng Estados Unidos o mula sa botante sa ibang bansa na kwalipikado sa ilalim ng AS 15.05.011, na nailagay at naipadala hindi lalampas sa araw ng halalan, ay hindi maaaring bilangin maliban kung natanggap ito ng superbisor ng halalan bago magsara ang oras ng opisina sa

(1) Ika-10 araw pagkatapos ng primaryang halalan o espesyal na primaryang halalan sa ilalim ng AS 15.40.140; o

(2) ika-15 araw pagkatapos ng pangkalahatang halalan, espesyal na muling halalan, o

espesyal na halalan, maliban sa espesyal na primaryang halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 27.** Inamyendahan ang AS 15.20.190(a) na nagsasaad:

(a) Tatlumpung araw bago ang petsa ng halalan, magtatalaga ang mga superbisor ng halalan, sa parehong paraan ng pagtatalaga ng mga opisyal ng halalan na itinakda sa AS 15.10, ng mga distrito na lupon sa pagbibilang ng balota ng hindi makakarating at mga distrito na lupon sa pagbibilang ng kinuwestiyong balota (balota na pansamantalang tinatanggap, pero kailangan pang patunayan ang kwalipikasyon ng botante), bawat isa ay binubuo ng hindi bababa sa apat na miyembro. Dapat may hindi bababa sa isang miyembro ng bawat lupon na kabilang sa kaparehong partido politikal ng gobernador, at dapat may hindi bababa sa isang miyembro ng bawat lupon na kabilang sa partido politikal ng kandidatong tumakbo bilang gobernador na nakakuha ng pangalawang pinakamataas na bilang ng boto sa nakaraang halalan para sa gobernador. Tutulungan ng mga distritong lupon ang mga superbisor ng halalan sa pagbibilang ng absentee at kinuwestiyong balota at tatanggapin nila ang parehong kompensasyon na ibinabayad sa mga opisyal ng halalan sa ilalim ng AS 15.15.380.

***Sek. 28.** Inamyendahan ang AS 15.20.203(i) na nagsasaad:

(i) Ipaaabot sa botante ng direktor sa pamamagitan ng koreo ang mga materyal na tinutukoy sa (h) ng seksyong ito nang hindi lalampas sa

(1) 10 araw matapos makumpleto ang pagsusuri ng balota ng lupon ng pagsusuri ng estado para sa primaryang halalan, o para sa espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan;

(2) 60 araw matapos masertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan, o espesyal na muling halalan, o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na primaryang halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 29.** Inamyendahan ang AS 15.20.203(j) na nagsasaad:

(j) Gagawin ng direktor na magagamit ng bawat botanteng gumagamit ng balota ng hindi makakarating, sa pamamagitan ng isang libreng access system, ang isang sistema upang masuri kung ang balota ng botante ay nabilang at, kung hindi nabilang, ang dahilan kung bakit hindi ito nabilang. Gagawin ng direktor na magagamit ang impormasyong ito sa pamamagitan ng isang libreng access system nang hindi bababa sa

(1) 10 araw matapos masertipikahan ang resulta ng primaryang halalan, o espesyal na primaryang halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan; at

(2) 30 araw matapos masertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na primaryang halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 30**. Inamyendahan ang AS 15.20.207(i) na nagsasaad:

(i) Ipaaabot sa botante ng direktor sa pamamagitan ng koreo ang mga materyal na tinutukoy sa (h) ng seksyong ito nang hindi lalampas sa

(1) 10 araw matapos makumpleto ang pagsusuri ng balota ng lupon ng pagsusuri ng estado para sa primaryang halalan, o para sa espesyal na primaryang halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan;

(2) 60 araw matapos masertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na primaryang halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 31.** Inamyendahan ang AS 15.20.207(k) na nagsasaad:

(k) Gagawin ng direktor na magagamit ng bawat botanteng gumagamit ng kinuwestiyong balota, sa pamamagitan ng isang libreng access system, ang isang sistema upang masuri kung ang balota ng botante ay nabilang at, kung hindi nabilang, ang dahilan kung bakit hindi ito nabilang. Gagawin ng direktor na magagamit ang impormasyong ito sa pamamagitan ng libreng access system nang hindi bababa sa

(1) 10 araw matapos masertipikahan ang resulta ng primaryang halalan, o espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan; at

(2) 30 araw matapos masertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 32.** Inamyendahan ang AS 15.20.211(d) na nagsasaad:

(d) Ipaaabot ng direktor sa botante sa pamamagitan ng koreo ang mga materyal na tinutukoy sa (c) ng seksyong ito nang hindi lalampas sa

(1) 10 araw matapos makumpleto ang pagsusuri ng balota ng lupon ng pagsusuri ng estado para sa primaryang halalan, o para sa espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan;

(2) 60 araw matapos sertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 33.** Inamyendahan ang AS 15.20.211(f) na nagsasaad:

(f) Gagawin ng direktor na magagamit ng bawat botante na ang balota ay sumailalim sa bahagyang pagbibilang sa ilalim ng seksyong ito, sa pamamagitan ng isang libreng access system, ang isang sistema upang masuri kung ang balota ng botante ay bahagyang nabilang at, kung hindi nabilang, ang dahilan kung bakit hindi ito nabilang. Gagawin ng direktor na magagamit ang impormasyong ito sa pamamagitan ng libreng access system nang hindi bababa sa

(1) 10 araw matapos masertipikahan ang resulta ng primaryang halalan, o espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140 na sinusundan ng espesyal na muling halalan; at

(2) 30 araw matapos masertipikahan ang resulta ng pangkalahatang halalan o espesyal na halalan, maliban sa espesyal na halalan na inilarawan sa (1) ng bahaging ito.

***Sek. 34.** Inamyendahan ang AS 15.25.010 na nagsasaad:

Sec. 15.25.010. Probisyon para sa primaryang halalan. Ang mga kandidato para sa pinipiling posisyon sa ehekutibong sangay ng estado at sa lehislatibong sangay ng estado at pambansa ay ihahalal sa isang primaryang halalan sa pamamagitan ng direktang boto ng taumbayan sa paraang itinakda ng kabanatang ito. Maghahanda at magbibigay ang direktor ng balota para sa primaryang halalan para sa bawat partido politikal. Maaaring bumoto ang botanteng nakarehistro bilang miyembro ng isang partido politikal gamit ang balota ng partidong iyon. Ang botanteng nakarehistro bilang walang partido politikal o hindi nagdeklara ng partido, sa halip na kaanib sa isang partikular na partido politikal, ay maaaring bumoto gamit ang balota ng partido politikal na kanyang pinili maliban kung ipinagbabawal ito sa ilalim ng AS 15.25.014. Hindi maaaring bumoto ang botanteng nakarehistro bilang miyembro ng isang partido politikal sa balota ng ibang partido, maliban kung pinahihintulutan ito ayon sa batas

***Sek. 35.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.014 na nagsasaad:

Sek. 15.25.014. Paglahok sa pagpili ng kandidato ng partido politikal sa primaryang halalan.

(a) Hindi lalampas sa 5:00 p.m., oras ng Alaska, sa Setyembre 1 ng taon bago ang taong kalendaryo kung kailan gaganapin ang primaryang halalan, dapat magsumite ang isang partido politikal ng nakasulat na abiso sa direktor na nagsasaad kung ang batas ng partido ay nagpapalawak o naglilimita kung sino ang maaaring lumahok sa primaryang halalan para sa pagpili ng mga kandidato ng partido para sa mga pinipiling posisyon sa ehekutibong sangay ng estado at sa lehislatibong sangay ng estado at pambansa. Dapat isumite kasabay ng abiso ang kopya ng batas ng partido na nagpapalawak o naglilimita sa paglahok sa primaryang halalan, ang dokumentasyon na hinihingi sa ilalim ng (b) ng seksyong ito, at iba pang impormasyon na hinihingi ng direktor. Ang abiso, batas ng partido, dokumentasyon, at iba pang impormasyon

na hinihingi ng direktor ay dapat ipasa ng tagapangulo ng partido o ibang opisyal ng partido na itinalaga ng batas ng partido.

(b) Kapag ang isang partido politikal ay nakapagsumite ng abiso at mga tuntunin ng partido sa takdang oras alinsunod sa (a) ng seksyong ito, at natukoy ng direktor na natugunan ng partido ang mga kinakailangan ng kabanatang ito at iba pang umiiral na batas, papayagan ng direktor ang botanteng nakarehistro bilang miyembro ng ibang partido na bumoto sa balota ng partidong iyon, kung pinahihintulutan ng mga tuntunin ng partido ng partido ang botante na lumahok sa pagpili ng kandidato ng partido at hindi papayagan ng direktor ang botanteng nakarehistro bilang walang partido politikal o hindi nagdeklara ng partido na bumoto sa balota ng partido kung ipinagbabawal ng mga tuntunin ng partido ng partido ang partisipasyon ng mga ganitong botante sa primaryang halalan ng partido. Gayunpaman, para sa kasunod na primaryang halalan, kailangang magsumite ang partido ng panibagong abiso, mga tuntunin ng partido, dokumentasyon, at iba pang impormasyon alinsunod sa (a) ng seksyong ito, kung nagbago ang mga tuntunin ng partido ng partido tungkol sa sino ang maaaring lumahok sa primaryang halalan para sa pagpili ng kandidato ng partido.

(c) Ang mga mga tuntunin ng partido ng partido na kinakailangang isumite alinsunod sa (a) ng seksyong ito ay dapat maunang aprubahan ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos sa ilalim ng 42 U.S.C. 1973c (Sek. 5, Voting Rights Act ng 1965) bago isumite. Dapat kalakip sa mga tuntunin ng partido ang dokumentasyon ng preclearance na isinusumite alinsunod sa (a) ng seksyong ito.

***Sek. 36.** Inamyendahan ang AS 15.25.030(a) na nagsasaad:

(a) Ang isang miyembro ng partido politikal na nagnanais maging kandidato ng partido sa primaryang halalan ay dapat magsagawa at magsumite ng deklarasyon ng kandidatura. Dapat isagawa ang deklarasyon sa ilalim ng panunumpa sa harap ng opisyal na may awtoridad na tumanggap ng pagpapakilala at dapat naglalaman ng sumusunod

(1) buong pangalan ng kandidato;

(2) buong address sa koreo ng kandidato;

(3) kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng senador ng estado o kinatawan ng estado, distrito ng kapulungan o senado kung saan naninirahan ang kandidato;

(4) posisyon na ninanais ng kandidato na makuha;

(5) partido politikal o grupong politikal kung saan nakarehistro bilang kaanib ang kandidato, o kung mas gugustuhin ng kandidato ang walang partido politikal o hindi nagdeklara ng partido na pagtukoy na ilalagay sa likod ng pangalan sa balota kung saan naglalaban para sa nominasyon;

(6) buong tirahan ng kandidato at petsa kung kailan nagsimula ang paninirahan sa nasabing address;

(7) petsa ng primaryang halalan o espesyal na primaryang halalan kung saan naghahangad ng nominasyon ang kandidato;

(8) haba ng paninirahan sa estado at sa distrito ng kandidato;

(9) katunayan na tutugon ang kandidato sa partikular na kahilingan sa pagiging mamamayan para sa posisyon kung saan siya kandidato;

(10) katunayan na kwalipikado ang kandidato bilang botante alinsunod sa batas;

(11) na matutugunan ng kandidato ang tiyak na kinakailangang edad para sa posisyon kung saan siya kandidato; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng kinatawan ng estado, dapat ay hindi bababa sa 21 taong gulang ang kandidato sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng senador ng estado, dapat ay hindi bababa sa 25 taong gulang sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng gobernador o tenyente-gobernador, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa unang Lunes ng Disyembre kasunod ng halalan o, kung ang posisyon ay pupunan sa pamamagitan ng espesyal na halalan alinsunod sa AS 15.40.230 – 15.40.310, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa petsa ng sertipikasyon ng resulta ng espesyal na halalan; o, para sa anumang ibang posisyon, sa oras na ang kandidato, kung mahahalal, ay manunumpa sa tungkulin;

(12) na hinihiling ng kandidato na mailagay ang pangalan niya sa balota para sa primaryang halalan o espesyal na primaryang halalan;

(13) na kalakip sa deklarasyon ang kinakailangang bayad;

(14) na ang tao ay hindi kandidato para sa anumang ibang posisyon na iboboto sa pangunahing o pangkalahatang halalan at na hindi rin siya kandidato para sa posisyong ito sa ilalim ng anumang ibang deklarasyon ng kandidatura o petisyon ng nominasyon;

(15) ang paraan kung paano nais ng kandidato na lumabas ang pangalan niya sa balota;

(16) na nakarehistro ang kandidato upang bumoto bilang miyembro ng partido politikal na ang nominasyon ay kanyang hinahangad.

***Sek. 37.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.056 na nagsasaad:

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Sek. 15.25.056. Nominasyon sa pamamagitan ng petisyon ng partido kung saan ang kasalukuyang nakaupo ay namatay, nadiskwalipika, o nawalan ng kakayahan.

(a) Kung ang walang kalaban na kasalukuyang kandidato para sa muling nominasyon ay namatay, nadiskwalipika sa paghawak ng posisyong inaaplayan, o sertipikadong mawalan ng kakayahan sa pagitan ng Hunyo 1 ng taong halalan at sa petsang higit sa 54 na araw bago ang primaryang halalan, maaaring punan ang puwesto ng kandidato sa balota sa pamamagitan ng petisyon ng partido. Ang petisyon ay dapat nagsasaad na hinihiling ng partido politikal na palitan ng pangalan ng iminungkahing kandidato ang pangalan ng kasalukuyang humahawak ng posisyon sa balota para sa primaryang halalan at dapat kalakip nito ang deklarasyon ng kandidatura mula sa taong pinangalanan sa petisyon. Dapat matanggap ng direktor ang petisyon hindi lalampas sa 14 na araw matapos ang pagkamatay, diskwalipikasyon, o sertipikasyon ng kawalan ng kakayahan ng kasalukuyang humahawak ng posisyon o 52 araw bago ang petsa ng primaryang halalan, alin man ang mas maaga.

(b) Ang pamamaraan para sertipikahan ang isang kasalukuyang kandidato para sa nominasyon bilang walang kakayahan, ang pamamaraan sa pagpili ng taong ipapangalan sa petisyon ng partido, at ang pamamaraan para ilagay ang pangalan ng napiling tao sa balota ng pangunahing nominasyon ay pareho sa itinakda sa AS 15.25.110 at AS 15.25.130 na may kaugnayan sa pagpuno ng bakanteng posisyon ng mga nominado ng partido sa pangkalahatang halalan.

(c) Ang pagkamatay, diskwalipikasyon, o sertipikasyon ng kawalan ng kakayahan ng kasalukuyang humahawak ng posisyon sa loob ng 52 araw bago o sa petsa ng primaryang halalan ay hindi nakakaapekto sa pagbibilang at pagsusuri ng mga balota. Kung ang resulta ng pagbibilang at pagsusuri ay nagpapakita na ang kandidato, kung nabuhay, ay nominado, ang kandidato ay idedeklarang nominado. Maaaring punan ang bakanteng posisyon sa pamamagitan ng petisyon ng partido ayon sa itinakda sa AS 15.25.110 – AS 15.25.130.

***Sek. 38.** Pinawalang-bisa ang AS 15.25.060 binabawi at muling ipinatutupad na nagsasaad:

Sek. 15.25.060. Paghahanda at pamamahagi ng balota; angkop na balota.

(a) Ang direktor ang maghahanda at mamamahagi ng balota para sa primaryang halalan sa paraan na itinakda sa seksyong ito. Maghahanda at magbibigay ang direktor ng balota para sa primaryang halalan para sa bawat partido politikal, na naglalaman ng lahat ng kandidato ng partidong iyon para sa mga halal na opisyal ng estado at pambansang lehislatura, kasama ang lahat ng pamagat ng balota at proposisyon na kinakailangang lumabas sa balota sa primaryang halalan. Dapat iimprenta ng direktor ang mga balota sa puting papel at ayusin ang pangalan ng mga kandidato na maayos na nakapagsumite, ayon sa hanay ng posisyon. Dapat na gaya ng pagkakaayos sa balota para sa pangkalahatang halalan ang pagkakasunod ng pangalan para sa bawat posisyon. Hindi pinahihintulutan ang puwang sa balota para sa pagsusulat o pagdikit ng pangalan. Dapat ding ihanda at iimprenta ng direktor ang hiwalay na balota sa primaryang

halalan na naglalaman lamang ng pamagat ng balota at mga proposisyong kinakailangang lumabas sa balota.

(b) Isang balota lamang sa primaryang halalan ang maaaring gamitin ng isang botante. Maaari lamang bumoto sa balota ng isang partido politikal ang botante kung nakarehistro siya bilang kaanib ng partidong iyon, pinahihintulutang lumahok sa primaryang halalan ng partido alinsunod sa mga alituntunin ng partido, o nakarehistro bilang walang partido o hindi nagdeklara ng partido kaysa bilang kaanib ng partikular na partido politikal at hindi ipinagbabawal ng alituntunin ng partido ang partisipasyon ng mga walang partidong botante sa primaryang halalan ng partido. Para sa layunin ng pagtukoy kung aling balota sa primaryang halalan ang maaaring gamitin ng botante, ang kaanib ng botante sa partido ay itinuturing na kaanib na nakarehistro sa direktor sa ika-30 araw bago ang primaryang halalan. Kung magpapalit ng kaanib sa partido ang botante sa loob ng 30 araw bago ang primaryang halalan, ang dating kaanib sa partido ang gagamitin para sa pagtukoy sa ilalim ng subseksyong ito.

Ang paglilingkod bilang Hukom ng Mataas na Hukuman ay naging malaking karangalan at umaasa akong maipagpapatuloy ko ang aking paglilingkod sa mga tao ng Alaska, at partikular sa Kenai Peninsula bilang Hukom. Patuloy akong magsisikap, magiging mapagpasensiya, handa, patas, at walang kinikilingan sa lahat ng humaharap sa akin.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska

***Hukom Kelly Lawson**, Mataas na Hukuman ng Kenai*

Napag-alaman ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska na HINDI natugunan ni Hukom Kelly Lawson ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda ang botong “HINDI” sa kanyang pagpapanatili. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili ni Hukom Lawson, bumoto ang Konseho ng Hudikatura ng Alaska ng 6 Huwag Panatilihin.

Hinirang si Hukom Kelly Lawson sa Mataas na Hukuman ng Kenai noong 2023. Si Hukom Lawson ay hukom sa hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang unang halalan ni Hukom Lawson para sa pagpapanatili sa hudikatura.

Bakit inirerekomenda ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska ang botong “Hindi” kay Hukom Kelly Lawson?

Napag-alaman ng Konseho na hindi natugunan ni Hukom Lawson ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa asal panghukuman at integridad.

Dapat magpakita ang mga hukom ng asal na naaayon sa pagiging hukom kapwa sa loob ng hukuman at sa kanilang asal sa labas ng pagdinig. Nagpasiya ang Konseho ng Hudikatura ng Alaska na, bagama't katanggap-tanggap ang pagganap ni Hukom Lawson sa hukuman, nagkulang siya sa pasensiya, dignidad, at paggalang sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga empleyado ng hukuman, na lumikha ng alitan sa pagitan ni Hukom Lawson, kawani ng hukuman, at iba pang mga hukom sa antas na nakahadlang sa mahusay na pangangasiwa ng katarungan.

Nakipagtulungan kay Hukom Lawson ang mga administrador at kawani ng Sistema ng Hukuman ng Alaska, isang malayang konstitusyonal na katawan, upang mapabuti ang sitwasyon, ngunit sa panahon ng pagsusuri ng Konseho ay higit na hindi naging matagumpay ang mga pagsisikap na iyon.

Ang konklusyon ng Konseho ng Hudikatura ay batay sa impormasyong ibinigay ng mga empleyado ng hukuman, mga rekord na pinananatili ng Sistema ng Hukuman ng Alaska, at isang panayam kay Hukom Lawson.


Ano ang iba pang mga natuklasan sa pagsusuri tungkol kay Hukom Lawson?

Nagsarbey ang Konseho ng Hudikatura sa mga abogado, empleyado ng hukuman, opisyal ng kapayapaan, at hurado. Ang mga marka sa sarbey sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Lawson ay nasa mabuting antas (3.97) nang kunin ang karaniwan sa lahat ng grupo.

Sinuri rin ng Konseho ng Hudikatura ang mga pahayag ni Hukom Lawson sa pananalapi at pagsisiwalat ng salungatan ng interes, kung ipinagkait ang kanyang suweldo dahil sa mga hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas matataas na hukuman ang kanyang mga desisyon, mga pagkakadiskwalipika mula sa mga kaso, at mga pampublikong file sa etika. Walang natagpuang usaping dapat ikabahala ang Konseho sa mga bahaging ito. Natugunan niya ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Korte Suprema ng Alaska.

Naglilingkod si Hukom Lawson sa Henu Community Wellness Court, isang pantribo-at-pang-estadong hukuman na panterapeutika. Lumahok siya sa isang kumperensiya noong 2024 upang suportahan ang muling pagpasok sa komunidad ng mga babaeng pinalalaya mula sa bilangguan, at lumahok siya sa pagsasanay para sa mga kaso sa ilalim ng Batas sa Kapakanan ng Batang Indian at mga hukuman na panterapeutika.

Mga Marka mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Katarungan at mga Hurado para sa “Pangkalahatang” Pagganap sa Trabaho ni Hukom Kelly Lawson




Minarkahan sa sukat mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Hanapin ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Jack R. McKenna, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 W. 4th Ave
Anchorage, AK 99501

EDAD: 48

LUGAR NG KAPANGANAKAN: San Jose, CA

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 17 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage - 2007 hanggang 2008, 2009 hanggang Kasalukuyan

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng St. Robert Bellarmine College Preparatory, 1997
UC Berkeley, 2001
UC Davis, Paaralan ng Abogasiya, 2007

MGA KATUNGKULANG PAMPOLITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Hukom ng Mataas na Hukuman (2022 hanggang kasalukuyan); Direktor ng Dibisyong Kriminal, Dibisyon ng Batas ng Estado ng Alaska (2021); Punong Katulong na Abugadong Pangkalahatan, Tanggapan ng mga Espesyal na Tagausig (2019-2020); Katulong na Abugado ng Distrito (2009-2016)

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Katuwang na Abugado, Birch Horton Bittner & Cherot (2016-2019)
Katuwang na Abugado, Remy Moose & Manley (2008-2009)

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD:
Mighty Bikes, Tagapagsanay

MGA NATATANGING INTERES:
Pagbibisikleta, Pag-iiski, Pangangaso, Pangingisda, at Pagbabasa.

IBA PA:
Komite sa mga Pamantayang Tagubilin para sa Hurado sa mga Kasong Kriminal, Tagapangulo

PAHAYAG:
Ang paglilingkod sa Mataas na Hukuman ay isang napakalaki at mapagpakumbabang pananagutan. Ang pagiging hukom ay nangangailangan na araw-araw ay gawin ko ang aking makakaya upang mailapat ang batas nang patas at tumpak. Higit pa rito, nagdudulot ito ng araw-araw na pakikisalamuha sa publiko—kadalasan sa mga sitwasyong lubhang nakababahala para sa mga taong humaharap sa hukuman. Ginagawa ko ang aking makakaya na tratuhin ang bawat taong sangkot sa kaso nang may pagkamagalang at paggalang. Sinisikap kong tiyakin na nauunawaan nila ang mga nangyayari at na napakikinggan ang kanilang mga tinig.

Lubos kong pinahahalagahan ang pananaig ng batas, ang paghihiwalay ng mga kapangyarihan sa pagitan ng mga sangay ng ating pamahalaan, at ang pagkakaroon ng tiwala ng mga tao sa ating sistemang legal. Lubos kong nais na ipagpatuloy ang paglilingkod sa mga mamamayan ng ating komunidad bilang Hukom ng Mataas na Hukuman. Kung mapapanatili sa panunungkulan, gagawin ko ang aking makakaya upang patuloy na gampanan nang may dangal ang pananagutang kaakibat ng posisyong ito at higit pang pagbutihin ang aking paglilingkod.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Jack R. McKenna, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom McKenna ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda nito ang pagboto ng "**OO**" upang mapanatili siya sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili kay Hukom McKenna sa panunungkulan, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 5 para sa pagpapanatili at 1 ang hindi bumoto.

Itinalaga si Hukom na si Jack R. McKenna sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 12/23/2021. Si Hukom McKenna ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng karamihan sa mga kasong kriminal at ilang kasong sibil. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom na si Jack R. McKenna ang mga pamantayan ng pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sinunod niya ang mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, ang mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey tungkol sa pangkalahatang pagganap ni Hukom McKenna ay nasa antas na napakahusay (4.6) nang kunin ang karaniwan ng lahat ng pangkat.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom McKenna tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ipinagkait ang kanyang sahod dahil sa mga desisyong hindi naibigay sa takdang panahon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, mga pag-inhibit sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Walang natuklasang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Pinamumunuan ni Hukom McKenna ang Komite sa mga Pamantayang Tagubilin para sa Hurado sa mga Kasong Kriminal ng sistema ng hukuman, isang pangkat na nag-a-update ng mga tagubilin para sa hurado sa mga kasong kriminal. Lumahok siya sa ilang mga kaganapan sa komunidad upang itaguyod ang pag-unawa ng publiko at diyalogo sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Jack R. McKenna



Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

David A. Nesbett, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 W. 4th Ave.
Anchorage, AK 99501

EDAD: 54

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Anchorage, Alaska

PANGALAN NG ASAWA: Michelle Nesbett

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Charlotte Nesbett, Marion Nesbett

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 54 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage, 1972 - kasalukuyan

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng West Anchorage
Unibersidad ng Wesleyan
Unibersidad ng Pacific, Paaralan ng Abogasiya ng McGeorge

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL: Katulong na Tagausig ng Munisipyo, Katulong na Abugado ng Distrito, Espesyal na Katulong na Abugado ng U.S. (2000-2006); Katuwang na Abugado, Dorsey & Whitney at Jermain Dunnagan & Owens (2006-2010); Kasosyo, Nesbett & Nesbett, PC (2010-2019); Hukom ng Hukuman ng Distrito ng Anchorage (2019-23); Hukom ng Mataas na Hukuman ng Alaska (2023-kasalukuyan).

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD:
Samahan ng mga Abugado ng Alaska
Miyembro ng Lupon ng mga Sibilyang Tagapayo ng Hukbong Himpapawid ng U.S.
Miyembro ng Lupon ng mga Pinunong Sibiko ng Chief of Staff ng Hukbong Himpapawid ng U.S.

MGA NATATANGING INTERES:
Piloto ng Pangkalahatang Abyasyon
Tagapagsanay, Alyeska Ski Club

PAHAYAG:
Bilang isang ikatlong henerasyong Alaskano, nakatuon ako sa pagtulong sa kapwa mga Alaskano na lutasin ang kanilang mga alitan at sa pagpapanatili ng matataas na pamantayan ng ating hudikatura. Buong buhay akong nanirahan sa Alaska, kabilang ang aking propesyonal na karera, bago naging hukom. Naging tagausig ako para sa ating mga pamahalaang panlungsod, pang-estado, at pederal, katuwang na abogado sa dalawang tanggapan ng abogasya, at may-ari ng sarili kong tanggapan ng abogasya na humawak ng iba't ibang usaping sibil at kriminal. Ang aking personal at propesyonal na karanasan ay nagbigay sa akin ng mahalagang karanasan at paghahanda para sa aking kasalukuyang tungkulin.

Bilang Hukom ng Mataas na Hukuman sa Anchorage, nangangasiwa ako sa iba't ibang uri ng mga kaso, kabilang ang mga usaping sibil at kriminal, ugnayang pampamilya, mga usapin sa mana, sapilitang pagpapagamot sa kalusugan ng isip, at mga kaso ng Batang Nangangailangan ng Tulong. Bagama't humahawak kami ng napakaraming kaso sa Mataas na Hukuman, nakatuon ako sa pakikinig nang walang kinikilingan sa lahat ng panig, maingat na pagsusuri sa mga iniharap na ebidensya, at paglalapat ng batas nang obhetibo, pare-pareho, at patas. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang bawat isa ay may akses sa hukuman at nauunawaan ang dahilan sa likod ng mga pasya ng hukuman. Ang bawat taong humaharap sa hukuman ay naroon dahil sa isang usaping napakahalaga para sa kanila. Ang bawat isa ay may karapatang maipahayag ang kanilang sarili at mapakinggan, at bawat isa ay nararapat sa aming buong atensyon at paggalang. Nagpapasalamat ako sa mga mamamayan ng Alaska sa pagbibigay sa akin ng pagkakataong maglingkod sa kanila sa trabahong aking minamahal. Isang karangalan para sa akin na maipagpatuloy ang paglilingkod sa aking komunidad sa ganitong paraan.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom na si David A. Nesbett, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Nesbett ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "OO" para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Nesbett, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 na boto para sa Pananatili sa Panunungkulan.

Itinalaga si Hukom na si David A. Nesbett sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 9/19/2023. Si Hukom Nesbett ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng karamihan sa mga kasong sibil at ilang kasong kriminal. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan sa kanyang kasalukuyang posisyon

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom na si David A. Nesbett ang mga pamantayan ng pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sinunod niya ang mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, ang mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey tungkol sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Nesbett ay nasa antas na napakahusay (4.4) nang kunin ang karaniwan ng lahat ng pangkat.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Nesbett tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ipinagkait ang kanyang sahod dahil sa mga desisyong hindi naibigay sa takdang panahon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, mga pag-inhibit sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Walang natuklasang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Pinangangasiwaan ni Hukom Nesbett ang dalawang natatanging hukuman: ang Hukuman para sa mga Beterano ng Anchorage (upang tumulong sa rehabilitasyon ng mga kwalipikadong beteranong militar na kinasuhan ng mga krimen), at isang natatanging kalendaryo para sa mga nasasakdal na maaaring walang kakayahang humarap sa paglilitis. Naglilingkod siya sa Komite ng Kumperensya para sa mga Bagong Hukom, isang pangkat na nagpaplano at nagtuturo sa mga kumperensya para sa mga hukom sa kanilang unang tatlong taon sa panunungkulan, at sa isang komite ng sistema ng hukuman upang mapahusay ang pagpapanatili ng mga empleyado. Lumahok siya sa maraming kaganapan sa komunidad upang itaguyod ang pag-unawa ng publiko at diyalogo sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom David A. Nesbett



Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Christina A. Rankin, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 West Fourth Avenue
Anchorage, AK 99501

EDAD: 48

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Beacon, NY

PANGALAN NG ASAWA: Scott Rankin

PANGALAN NG ANAK: Elena

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 24 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Bethel: Agosto 2002 - Agosto 2003
Anchorage: Setyembre 2003 - kasalukuyan

EDUKASYON:
Unibersidad ng Rochester, B.A. (1999)
Unibersidad ng Syracuse, Kolehiyo ng Abogasiya, J.D. (2002)

MGA KATUNGKULANG PAMPULITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Hukom ng Mataas na Hukuman: Anchorage (2023-kasalukuyan)
Klerk ng Batas ng Mataas na Hukuman: Bethel (2002-2003)

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Guess & Rudd, P.C. (2003-2023)

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD:
Komite sa mga Tuntuning Sibil ng Samahan ng mga Abugado ng Alaska; Pambansang Samahan ng mga Babaeng Hukom; PEO International

MGA NATATANGING INTERES:
Pagkakamping, Pagka-kayak, Pagniniting, Pagbabasa, Paglalakbay

PAHAYAG:
Isang karangalan ang maglingkod sa Mataas na Hukuman ng Anchorage mula nang italaga ako noong 2023. Bago iyon, halos 20 taon akong nagsagawa ng paglilitis sa mga kasong sibil sa Anchorage, ngunit ang posisyon bilang klerk ng batas sa Bethel ang unang nagdala sa akin sa Alaska.

Napakalawak ng saklaw ng mga kasong hinahawakan ng isang hukom ng Mataas na Hukuman para sa mga kasong sibil, ngunit madalas itong kinabibilangan ng pagtulong sa mga tao sa ilan sa pinakamahihirap na araw ng kanilang buhay. Isang pribilehiyo ang tumulong na matiyak ang akses sa katarungan para sa mga Alaskano habang hinaharap nila ang mga hamon ng diborsyo, mga hindi pagkakaunawaan sa kustodiya, karahasang pantahanan, mga usapin sa pangangalaga ng bata, mga alitang may kaugnayan sa kontrata, at iba pang mga sitwasyong humihingi sila ng tulong mula sa sistema ng hukuman. Bago ang bawat pagdinig, masusi akong naghahanda sa pamamagitan ng pagrerepaso sa lahat ng mga isinumiteng dokumento ng lahat ng panig at pagsasaliksik sa mga kaugnay na larangan ng batas. Sa bawat pagdinig, maingat at magalang akong nakikinig sa lahat ng panig, tinitiyak na ang bawat isa ay pantay na napapakinggan, at humihingi ng paglilinaw kung kinakailangan. Sa pagtatapos ng bawat pagdinig, sinisikap kong timbangin ang pagbibigay ng sapat na panahon upang makagawa ng masusi, walang kinikilingan, at naaayon sa batas na desisyon, habang isinasaisip din ang mabilis na paglutas sa mga usaping nais ng mga nagsasakdal.

Isang karangalang hindi ko minamaliit ang paglilingkod bilang hukom ng hukuman sa paglilitis, at buong pagpapakumbaba kong tinatanggap ang pagkakataong ipagpatuloy ang mapanghamon at kapaki-pakinabang na gawaing ito. Nangangako akong patuloy na tapat na paglilingkuran ang mga mamamayan ng Alaska sa abot ng aking makakaya.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom na si Christina Rankin, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Rankin ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "**OO"** para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Rankin, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 5 boto para sa Pananatili sa Panunungkulan at 1 Pag-iwas sa Pagboto.

Itinalaga si Hukom na si Christina Rankin sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 1/6/2023. Si Hukom Rankin ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng karamihan sa mga kasong sibil at ilang kasong kriminal. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom na si Christina Rankin ang mga pamantayan ng pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sinunod niya ang mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, ang mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey tungkol sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Rankin ay nasa antas na napakahusay (4.7) nang kunin ang karaniwan ng lahat ng pangkat.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Rankin tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ipinagkait ang kanyang sahod dahil sa mga desisyong hindi naibigay sa takdang panahon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, mga pag-inhibit sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Walang natuklasang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Naglilingkod si Hukom Rankin sa isang komite ng sistema ng hukuman na nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa mga pamamaraan ng mga kasong sibil, at sa isang pangkat na bumuo ng isang patakarang sumasaklaw sa buong estado para sa paggamit ng artipisyal na intelihensiya (AI) at Generative AI ng mga kawani at mga opisyal ng hudikatura. Lumahok siya sa iba't ibang mga kaganapan at pagsasanay sa komunidad upang itaguyod ang pag-unawa ng publiko at diyalogo sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Christina Rankin



Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Christina Reigh, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: PO Box 909
Dillingham, AK 99576

EDAD: 51

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Cincinnati, Ohio

PANGALAN NG ASAWA: Clint Reigh

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Adalgisa Reigh, August Reigh, Everett Reigh

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 23 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage (2003 - 2004)
Dillingham (2004 - 2026)

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Carlisle (Carlisle, PA)
Kolehiyo ng St. Mary's (Notre Dame, IN)
Paaralan ng Abogasiya ng Unibersidad ng Seattle (Seattle, WA)

MGA KATUNGKULANG PAMPULITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Klerk ng Batas para kay Kagalang-galang na John Reese - Anchorage (2003 - 2004)
Hukom Mahistrado - Dillingham (2014 - 2017)
Hukom ng Mataas na Hukuman - Dillingham (2017 - 2026)

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Mga Bagong Simula para sa mga Babaeng Biktima ng Pang-aabuso at Kanilang mga Anak, Samahan para sa Pagpapaunlad, Seattle, WA (1997 - 2000)
Korporasyon ng mga Serbisyong Legal ng Alaska, Abugado (2004 - 2014)

MGA NATATANGING INTERES:
Mga aktibidad sa labas
Paggugol ng oras kasama ang pamilya

PAHAYAG:
Mahigit 20 taon na akong naninirahan sa Dillingham, at ginugol ko ang buong panahong iyon sa paglilingkod sa publiko. Bago ako naging hukom, naglakbay ako sa buong Bristol Bay habang nagtatrabaho para sa isang organisasyong hindi kumikita, ang Korporasyon ng mga Serbisyong Legal ng Alaska. Nagbigay ito sa akin ng malalim na pag-unawa sa mga komunidad na aking pinaglilingkuran.

Bilang isang hukom ng hukuman sa paglilitis, taglay ko ang mapanghamon at mabigat na responsibilidad na gumawa ng mga pasyang nakaaapekto sa buhay ng mga tao. Maraming tao ang humaharap sa hukuman bilang tugon sa isang negatibo at kung minsan ay traumatikong pangyayari. Umaasa ako na ang bawat taong apektado ng isang kaso ay aalis na may pag-unawa sa prosesong legal, kung bakit ginawa ang ilang pasya, at kung paano makasusulong mula sa pangyayaring nagdala sa kanila sa hukuman. Higit sa lahat, sinisikap kong masusing suriin ang mga kasong nasa harapan ko at patas na ilapat ang batas sa mga iniharap na katotohanan. Hindi lahat ng taong sangkot sa isang kaso ay sasang-ayon sa bawat pasyang gagawin ko, ngunit nakikinig ako sa lahat ng panig nang may bukas na isip at ipinapaliwanag ko ang batayan ng aking mga pasya upang matiyak na nauunawaan ng bawat taong sangkot sa kaso ang aking mga pagpapasya at nalalaman kung paano magpapatuloy. Naniniwala ako na ang bawat taong sangkot sa isang kaso, at ang publiko sa pangkalahatan, ay nararapat sa gayong oras, maingat na pagsasaalang-alang, at paggalang.

Ang pagiging hukom ay isa sa pinakamapanghamon ngunit pinakamakabuluhang karanasan sa aking buhay. Umaasa akong patuloy na mapaglilingkuran ang ating Estado at ang mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pagpapanatili sa akin sa panunungkulan bilang Hukom ng Mataas na Hukuman ng Dillingham.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Christina "Tina" Reigh, *Mataas na Hukuman ng Dillingham*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Reigh ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "**OO**" para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Reigh, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 na boto para sa Pananatili sa Panunungkulan.

Itinalaga si Hukom Christina Reigh sa Mataas na Hukuman ng Dillingham noong 2/9/2017. Si Hukom Reigh ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong kriminal at sibil. Ito ang kanyang ikalawang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom Christina Reigh ang mga pamantayan ng pagganap kaugnay ng kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga pagtatasa sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Reigh ay nasa antas na napakahusay (4.2) nang pagsamahin ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang kanyang mga pahayag tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang kanyang sahod ay pinigil dahil sa mga naantalang pagpapasya, kung gaano kadalas pinagtibay ng mga nakatataas na hukuman ang kanyang mga pasya, ang kanyang mga pag-inhibit sa mga kaso, at ang mga pampublikong talaan ng etika. Walang nakitang anumang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Naglilingkod si Hukom Reigh sa Komite sa mga Tuntunin para sa mga Batang Nangangailangan ng Tulong ng sistema ng hukuman, isang grupong bumabalangkas, nagsusuri, at nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa mga pamamaraan ng mga kaso tungkol sa kapakanan ng bata para sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska. Naglilingkod din siya sa Pambuong-Estadong Lupon sa Pagsusuri ng mga Hukom Mahistrado, na nagsusuri sa pagganap ng mga hukom mahistrado na naghahangad ng panibagong termino sa panunungkulan. Nagsisilbi rin siya sa Task Force ng Batas sa Katarungan para sa mga Bata.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Christina Reigh



Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Ian Wheeles, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 W. 4th Ave
Anchorage, AK 99501

EDAD: 43

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Anchorage

PANGALAN NG ASAWA: Kathryn

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Ruby, Pepper, Saylor, Riker

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 43 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage mula noong 1983

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Dimond
Instituto ng Teknolohiya ng Illinois
Unibersidad ng Alaska Anchorage
Unibersidad ng Idaho – Kolehiyo ng Abogasiya

MGA KATUNGKULANG PAMPULITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Hukom ng Mataas na Hukuman ng Anchorage (2022-kasalukuyan)
Komisyon ng Alaska sa Pag-uugaling Panghukuman (2024-kasalukuyan)
Komite sa mga Tuntunin sa Suporta sa Anak (2015-kasalukuyan)
Komite sa mga Tuntunin sa Pamilya (2025-kasalukuyan)

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Tanggapan ng Abogasya ni Ian Wheeles (2009-2022)
Tanggapan ng Abogasya ni Dan Allan (2008-2009)

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD: Simbahan ng Change Point
Hukuman ng Kabataan ng Anchorage

MGA NATATANGING INTERES:
Pamilya, pagkakamping, pangangaso, baseball, pagbabasa, teolohiya

IBA PA:
Lumipat sa Alaska ang aking mga lolo at lola noong mga dekada ng 1950 at 1960. Lumaki ako sa Anchorage, kasama ang maraming pinsan, tiya, at tiyo sa iba't ibang bahagi ng estado. Sa loob ng ilang taon, ang aking mga anak ay magiging ikatlong henerasyon ng mga nagtapos sa Mataas na Paaralan ng Dimond. Malalim ang pagkakaugat ng aking pamilya sa Alaska, at hindi ko kailanman mararamdamang nasa tahanan ako sa ibang lugar. Pinagpala akong masiyahan sa mga araw sa kabundukan o sa tubig at nagpapasalamat ako araw-araw na dito ako ipinanganak.

PAHAYAG:
Matapos magpatakbo ng isang maliit ngunit abalang tanggapan ng abogasya para sa mga usaping pampamilya sa loob ng 13 taon, naglingkod ako sa nakalipas na apat na taon sa Mataas na Hukuman ng Anchorage. Buong pagpapakumbaba kong tinatanggap ang karangalang ito araw-araw at nagsisikap akong ibigay ang aking buong makakaya sa bawat kaso. Naniniwala akong ito ang aming tungkulin bilang mga hukom, at sinisikap kong alalahanin iyon araw-araw. Sa isang malayang lipunan, umaasa ang paghahari ng batas sa mga hukuman para sa katarungan at pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas. Kailangang makamit ng mga hukom ang paggalang ng publiko at mapanatili ang malaya at makatarungang mga hukuman upang maisagawa iyon. Sinisikap kong matiyak na ang bawat taong nasa hukuman ay napakikinggan at tinatrato nang may dignidad. Walang mas mababa rito ang hinihingi ng aming sinumpaang tungkuling itaguyod ang Konstitusyon.

Itinalaga ako sa mga tungkuling magpapabuti sa ating sistema ng hustisya at sa mga resulta para sa ating komunidad. Pinamumunuan ko ang komiteng inatasang suriin ang mga tuntunin sa suporta sa anak—na nakaaapekto sa libo-libong magulang at mga anak sa Alaska. Pinamumunuan ko rin ang komite ng hukuman sa mga tuntunin sa pamilya, na naglalayong mapabuti ang mga kaso ng diborsiyo at pangangalaga ng anak. Naglilingkod ako sa Komisyon sa Pag-uugaling Panghukuman, na may napakalaking tungkulin sa pangangalaga sa tiwala ng publiko sa sangay ng hukuman. At pinamumunuan ko ang isang hukuman sa probasyon para sa mga kasong felony para sa mga taong nakikipaglaban sa adiksiyon—na sa isang paraan ay nakaaapekto sa halos lahat ng tao sa Alaska.

Nag-aplay ako para sa katungkulang ito upang maglingkod sa publiko at gawing maaabot ng bawat Alaskan ang katarungan. Kung pananatilihin sa panunungkulan, patuloy kong gagawin ito sa abot ng aking buong makakaya.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Ian Wheeles, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Wheeles ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "OO" para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Wheeles, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 na boto para sa Pananatili sa Panunungkulan.

Itinalaga si Hukom Ian Wheeles sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 6/16/2022. Si Hukom Wheeles ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng karamihan ay mga kasong sibil at ilang kasong kriminal. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom Ian Wheeles ang mga pamantayan ng pagganap kaugnay ng kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga pagtatasa sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Wheeles ay nasa antas na napakahusay (4.1) nang pagsamahin ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang kanyang mga pahayag tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang kanyang sahod ay pinigil dahil sa mga naantalang pagpapasya, kung gaano kadalas pinagtibay ng mga nakatataas na hukuman ang kanyang mga pasya, ang kanyang mga pag-inhibit sa mga kaso, at ang mga pampublikong talaan ng etika. Walang nakitang anumang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Pinamumunuan ni Hukom Wheeles ang Komite sa Pagsusuri ng mga Alituntunin sa Suporta sa Anak ng sistema ng hukuman, isang grupong nagpapayo sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska tungkol sa mga tuntuning namamahala sa pagkalkula ng suporta sa anak, at pinamumunuan din niya ang Komite sa mga Tuntunin sa Pamilya, isang grupong bumabalangkas, nagsusuri, at nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa mga kasong may kinalaman sa batas pampamilya para sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska. Naglilingkod siya sa isang komiteng nagsusuri ng mga pamamaraan tungkol sa mga eksibit sa paglilitis. Miyembro siya ng Komisyon ng Alaska sa Pag-uugaling Panghukuman, isang lupon na itinatag alinsunod sa konstitusyon at nagsisiyasat ng mga reklamo tungkol sa pag-uugaling panghukuman at kapansanan. Lumahok siya sa maraming kaganapan sa komunidad upang mapalawak ang pag-unawa ng publiko at ang pag-uusap sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Ian Wheeles




Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Jonathan A. Woodman, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 19015 Trail Bay Drive
Eagle River, AK 99577

EDAD: 58

LUGAR NG KAPANGANAKAN: California

PANGALAN NG ASAWA: Cheryl Duda

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 27 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Eagle River 1999 hanggang Kasalukuyan

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Troy (Troy, OH)
Instituto ng Teknolohiya ng Massachusetts (MIT)
Kolehiyo ng Abogasiya ng Unibersidad ng Estado ng Ohio

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Hukom ng Mataas na Hukuman (2016 hanggang Kasalukuyan)
Nakatatandang Pangalawang Abugado Heneral, Kagawaran ng Batas ng Alaska
Guess & Rudd, PC

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD: Klub ng Triathlon ng Alaska

MGA NATATANGING INTERES:
Triathlon, paglalakbay, trivia (3 beses na kampeon sa Jeopardy)

PAHAYAG:
Ang paglilingkod sa mga mamamayan ng Ikatlong Distritong Panghukuman at ng Lambak ng Mat-Su bilang hukom ng Mataas na Hukuman at bilang pangalawang punong hukom ng Palmer ang naging pinakamalaking karangalan sa aking buhay. Sinisikap kong tiyakin na ang bawat taong pumapasok sa silid-hukuman ay tinatrato nang may paggalang at dignidad. Tinitiyak kong ang mga usaping iniharap sa akin ay pinapasiyahan batay sa patas at walang kinikilingang pagsasaalang-alang sa mga katotohanan at sa batas, at na ang aking mga pasya ay ginagawa nang walang takot o pagtatangi.

Mapalad akong mamuno sa terapewtikong hukuman na tinatawag na Hukuman para sa mga Pamilyang may mga Sanggol at Maliliit na Bata (FIT Court). Inilalapat ng FIT Court ang agham ng maagang pag-unlad ng bata sa sistema ng kapakanan ng bata. Layunin ng Hukuman na bumuo ng mga paggamot at suporta para sa mga pamilyang kasangkot sa pamamagitan ng pagbibigay ng komprehensibong mga serbisyong tumutugon sa problema sa paggamit ng substansiya ng mga magulang, mga kasanayan sa pagiging magulang, kalusugan ng isip, kaligtasan ng pamilya, at mga pangangailangan ng mga bata. Nag-aalok ang FIT Court ng pinaigting na mga serbisyo upang mabigyan ang mga pamilya ng pinakamainam na pagkakataon para sa muling pagsasama-sama. Nagtatag ang FIT Court ng mabisang ugnayang nagtutulungan sa mga katuwang sa rehiyon at patuloy na bumubuo ng mga makabagong estratehiya upang matugunan ang mga pangangailangan ng partikular na populasyong ito.

Naniniwala akong mahusay kong napaglingkuran ang mga mamamayan ng Alaska sa nakalipas na sampung taon, at inaasahan kong maipagpatuloy ang paglilingkod at mapalawak pa ang aking mga kasanayan bilang hukom.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Jonathan A. Woodman, *Mataas na Hukuman ng Palmer*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Woodman ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "OO" para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Woodman, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 na boto para sa Pananatili sa Panunungkulan.

Itinalaga si Hukom Jonathan A. Woodman sa Mataas na Hukuman ng Palmer noong 10/25/2016. Si Hukom Woodman ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang ikalawang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom Jonathan A. Woodman ang mga pamantayan ng pagganap kaugnay ng kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga pagtatasa sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Woodman ay nasa antas na napakahusay (4.4) nang pagsamahin ang mga marka mula sa lahat ng grupo

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang kanyang mga pahayag tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang kanyang sahod ay pinigil dahil sa mga naantalang pagpapasya, kung gaano kadalas pinagtibay ng mga nakatataas na hukuman ang kanyang mga pasya, ang kanyang mga pag-inhibit sa mga kaso, at ang mga pampublikong talaan ng etika. Walang nakitang anumang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Naglilingkod si Hukom Woodman sa Proyekto sa Pagpapabuti ng Hukuman ng sistema ng hukuman, isang grupong nakatuon sa pagpapabuti ng mga resulta sa mga kaso ng kapakanan ng bata, at sa Komite sa mga Tuntunin sa CINA/ Pagkakasala ng Kabataan ng sistema ng hukuman, isang grupong bumabalangkas, nagsusuri, at nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa mga pamamaraan ng mga kaso ng kabataan para sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska. Pinamumunuan niya ang Hukuman para sa mga Pamilyang may mga Sanggol at Maliliit na Bata, isang hukuman para sa terapewtikong paggamot sa Lambak ng Mat-Su para sa mga pamilyang may maliliit na anak na may bukas na kaso ng kapakanan ng bata.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Hustisya at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Jonathan A. Woodman



Sinuri batay sa antas na 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang kumpletong ebalwasyon ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Hukuman ng Distrito

Chris Darnall, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 303 K. Street
Anchorage, AK 99501

EDAD: 39

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Fairbanks, Alaska

PANGALAN NG ASAWA: Samantha Crosby

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Charlotte Darnall, Paige Darnall, Holden Darnall

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 35 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
North Pole, 5/23/87-08/01/00. Anchorage, 08/01/00-08/05/2011, 02/02/18-kasalukuyan. Kenai, 06/21/16-02/01/18.

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Silangang Anchorage, Unibersidad ng Alaska Anchorage (B.S. sa mga Agham Biyolohikal), SUNY sa Paaralan ng Abogasiya sa Buffalo (J.D..).

SERBISYONG MILITAR:
Pambansang Guwardiyang Panghimpapawid ng Alaska, 2005-2011.

MGA NATATANGING INTERES:
Pagbubuhat ng timbang, mga baril, pamilya, at mga kompyuter.

IBA PA:
Itinalaga si Hukom Chris Darnall sa Hukuman ng Distrito ng Anchorage noong Hulyo 2024. Namumuno siya sa mga kasong kriminal at sibil at nakatuon sa pagtiyak na ang bawat taong humaharap sa hukuman ay tinatrato nang may pagiging patas, paggalang, at dignidad.

Lumaki si Hukom Darnall sa North Pole at Anchorage, at nagsilbi sa Pambansang Guwardiyang Panghimpapawid ng Alaska habang nag-aaral sa Unibersidad ng Alaska Anchorage, kung saan nagtamo siya ng digri sa Biyolohiya. Pagkatapos niyang makapagtapos sa paaralan ng batas, bumalik siya sa Alaska, naging klerk sa Mataas na Hukuman Superior sa Kenai, at naglingkod sa publiko sa loob ng maraming taon bilang isang tagausig, kabilang ang paghawak ng masalimuot na mga kaso ng krimeng siber.

PAHAYAG:
Ang paglilingkod bilang Hukom ng Hukuman ng Distrito ng Anchorage ay isa sa mga pinakadakilang pribilehiyo sa aking karera. Araw-araw, nagsisikap akong tiyakin na ang bawat taong humaharap sa hukuman ay tinatrato nang may pagiging patas, paggalang, at dignidad, habang tapat na ipinatutupad ang batas at pinangangalagaan ang mga karapatan ng lahat ng panig.

Sa nakalipas na dalawang taon, humawak ako ng buong saklaw ng mga kasong kriminal at sibil, na nakatuon sa napapanahon, masusi, at walang kinikilingang mga pagpapasya. Tumanggap din ako ng mga karagdagang responsibilidad na nagpapalakas sa ating sistema ng hukuman at nagpapabuti sa pangangasiwa ng katarungan.

Katuwang akong tagapangulo ng Hukuman para sa mga Beterano ng Anchorage, na nakikipagtulungan sa isang dedikadong pangkat upang tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga beterano habang itinataguyod ang pananagutan, rehabilitasyon, at kaligtasan ng komunidad. Bilang pinuno ng Subkomite sa mga Eksibit ng Anchorage, nagsisikap akong mapabuti kung paano pinangangasiwaan ng hukuman ang dihital na ebidensiya, upang gawing mas epiysente at mas mabisa ang mga paglilitis para sa mga litigante, abogado, at kawani ng hukuman.

Bukod sa aking silid-hukuman, nagsisilbi ako sa Komite sa Pagpaplano ng Kumperensiyang Panghukuman at napili upang tumulong sa pagsasanay ng iba pang mga hukom sa taunang kumperensiyang panghukuman. Ang mga pagkakataong ito ay nagbibigay-daan sa akin na magbahagi ng pinakamahuhusay na pamamaraan, suportahan ang edukasyong panghukuman, at mag-ambag sa patuloy na pagpapabuti ng mga hukuman ng Alaska.

